

ANG Bayan



PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-KAISIPANG MAO ZEDONG

Tomo XXVIII Blg. 2

Edisyong Pilipino

Abril-Hunyo 1998

Mula sa Tagapaglathala


BAGONG KAPASYAHANG REGULAR NA ILATHALA ANG PAHAYAGANG ANG BAYAN

Mayroong bagong kapasyahang ilabas ang **Ang Bayan (AB)** nang madalas—sa abot ng kaya at tuwing kinakailangan—alinsunod sa pangkalahatang linya ng bagong-demokratikong rebolusyon, sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Muling binuo ang patnugutan at patuloy itong palalakasin. Ang Komite Sentral, bilang tagapaglathala, ay determinadong ilabas nang regular ang mga isyu.

Lubos na kinakailangan ang paglalathala ng **AB** upang magsilbing balangkas (*scaffolding*: metapora ni Lenin) sa pagbubuo ng Partido. Ang **AB** ay nagbibigay ng impormasyon at edukasyon sa kasapihan ng Partido at gumaganap ng napakaimportanteng papel sa pag-oorganisa ng Partido.

Mula nang muling itatag ang Partido noong 1968, itinuring ang **AB** bilang esensyal at mayor na instrumento sa pagbubuo ng Partido at sa rebolusyonaryong pakikibaka. Ang mga proletaryong rebolusyonaryong cadre ay natututo sa "Ano Ang Dapat Gawin" ni Lenin hinggil sa mapagpasyang halaga ng pahayagan ng Partido.

Nakahihinayang na sa marami-raming taon, paminsan-minsan at bihira
sundan sa pahina 2



Editoryal

Erap Kontra sa Mahihirap

Kabaligtaran ng paghahambog nitong "Erap para sa Mahirap", ang papasok na rehimeng Estrada ay hindi naiiba sa lahat ng nakaraang reaksyunaryong gubyerno: ito'y maka-dayuhan, papet ng imperyalismong US, kinatawan ng malalaking kumprador-burgesya at malalaking asendero at kontra sa interes ng mayorya ng naghihirap na mamamayang magsasaka at manggagawa.

Ang rehimeng US-Estrada ang siya ngayong pangunahing mangangalaga sa sistemang malakolonyal at malapyudal. Lahat ng ipinapahayag na patakaran at programa ni Joseph Estrada, bagong reaksyunaryong presidente ng gubyerno ng Republika ng Pilipinas, ay hindi
sundan sa pahina 3

lamang na nailabas ang **AB**. Ganito ang nangyari kahit noong mahigpit na kinakailangan ang **AB** bilang kasangkapan sa pagpuna at pagtatakwil sa malulubhang pagkakamali ng mga ayaw magwastong oportunista at taksil sa pagsulong ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, gayundin sa paglaban sa pinaigting na digmang sikolohikal ng kaaway.

Bilang opisyal na pahayagan ng Komite Sentral ng Partido, ang **AB** ay nag-uulat ng mga pahayag at desisyon ng Komite Sentral, ng rebolusyonaryong gawain ng Partido at iba pang rebolusyonaryong pwersa, iba't ibang pakikibaka ng masa at pinakamakabuluhang mga pangyayari sa bansa at daigdig.

Sisikapin ng **AB** na maagap na ibalita ang mga taktikal na opensiba sa digmang bayan, iba't ibang anyo ng paglaban ng masa, mga pagsulong sa gawaing masa, pagpapatupad ng patakaran sa

nagkakaisang prente, mga pagsusuri sa maiinit na isyu sa kasalukuyan at mga opinyon ng mga mambabasa nito.

Sasalaminin ng mga balita at artikulo ng **AB** ang mga prinsipyo, linya at patakaran ng Partido. Ngunit matagumpay lamang na magagawa ito kapag kongkreto ang paraan at tumpak ang mga datos. Ang layunin ay di lamang salaminin ang mga pangyayari kundi bigyang-inspirasyon din ang buong Partido at rebolusyonaryong masa na sumulong sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Bilang pahayagan ng buong Partido sa ilalim ng direksyon ng Komite Sentral, ang **AB** ay determinadong gawing napapanahon, nagpapabatid at nagtuturo ang mga ulat at pagsusuri nito. Lagi itong handang tumanggap at maglathala ng mga ulat at opinyon mula sa kasapihan ng Partido at masa.

Ang nilalaman at estilo ng **AB** ay naglilingkod sa pangkalahatang kasapihan ng Partido at rebolusyonaryong masang manggagawa at magsasaka. Sisikaping simple, direkta at matalas ang estilo nito. Dapat madali itong isalin sa iba't ibang wika ng Pilipinas.

Upang maging mahusay at epektibo sa kanilang gawain, ang patnugutan ng **AB** ay umaasa hindi lamang sa kanilang sariling kakayahan at pagsisikap kundi pati sa lambat ng mga koresponsal at kontribyutor ng mga ulat at maiikli pero malinaw na mga artikulong mapanuri.

Hinihimok at hinihikayat ng **AB** ang lahat ng namumunong komite ng Partido, lahat ng pamatnugutan ng Bagong Hukbong Bayan at namumunong komite ng mga rebolusyonaryong organisasyon masa na maagap na magpaabot ng mga ulat hinggil sa mga pangyayari at aktibidad na ipinapalagay nilang nararapat ilathala.

Syempre pa, ang mga pinuno ng mga organo sa propaganda at patnugot ng iba't ibang rebolusyonaryong pahayagan ay kailangang magpadala sa patnugutan ng **AB** ng mga materyal na pwedeng ilathala. Nagtatalaga ang pahayagang **AB** ng mga regular na koresponsal mula sa mga cadre sa gawaing propaganda at maaasahang kontribyutor.

Maaaring magpadala ng mga artikulo at materyales sa **AB** ang mga koresponsal at kontribyutor sa pamamagitan ng mga lihim na sistema ng Partido. Maaari ring ipadala ang mga ito sa mga "web site" ng NDFP sa Internet sa ligtas na paraan. Ang mga ito ay ipoproseso ng patnugutan para mailathala sa **AB**. ■

Sa isyung ito . . .

EDITORYAL	1
Mula sa Tagapaglathala	1
Pagbabalik ng mga Marcos	4
Alipures ng Diktador Aarestuhin	4
Pagwawasto sa Gitnang Luzon	5
Pagsulong sa Nueva Ecija	12
Buladas ng Triong Bill-Olive	13
Globalisasyon at Uring Manggagawa	16
Kilusang Lihim sa Pabrika	22
Nagkakaisang Prente	24
Kasunduan sa Karapatang-Tao	27
Balita: Armadong Pakikibaka sa TK; Pakikibakang Gerilya sa HM; Taktikal na Opensiba sa SK; Reyd sa Bohol	29

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag para mapahusay ang ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng komentario at mga mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

naiiba sa mga programang kasalukuyang nagdudulot ng krisis sa ekonomya at pagdarahop sa mamamayan. Katunayan, hindi lamang pangako ni Estrada na ipagpapatuloy ang mga programa ng rehimeng Ramos, partikular pa niyang tinitiyak ang masugid na pagpapatupad sa mga patakarang dikta ng IMF-WB-WTO.

Uupo sa poder ang gubyernong Estrada sa panahong napakasidhi ng krisis sa ekonomya. Sumisilakbo ang diskontento ng mamamayan, sumusulong ang mga pakikibakang masa ng iba't ibang sektor at ang armadong pakikibaka sa kanayunan. Noong eleksyon, sina-mantala ng kampong Estrada ang kawalang-kasiyahan ng mamayan at nakinabang sila sa malaking protestang boto. Pagkatapos ng eleksyon, nagpatuloy si Estrada sa astang tigasin para sa mahirap: Nagpasiklab siya na tatanggalin ang "pork barrel" ng Kongreso, nagbanta ng pagtugis ng mga kriminal, at nakipananghalian sa mga magsasakang taga-Sumilao, Bukidnon na nagpipiket sa upisina ng DAR (Department of Agrarian Reform).

Subalit hindi mapagtakpan ang langit-at-lupang agwat ng asta at intensyon. Sa inilabas na "Sampung-Puntong Programa ng Gagawin sa Unang Sandaang Araw ng Panguluhang Estrada", inilantad ni Estrada ang mga tunay niyang prayoridad. Ang kaibuturang programa ni Estrada, na nakapadron sa programa ng rehimeng US-Ramos, ay pagpapatupad ng patakaran ng denasyunalisasyon, liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon na dikta ng IMF-WB-WTO. Tama si Hen. Ramos nang kanyang tiyakin sa mga dayuhang monopolyong kapitalista na wala silang dapat ikabahala sa gubyernong Estrada dahil itutuloy lamang nito ang dati nang mga patakaran

sa ekonomya at pulitika.

Ang "Sampung-Puntong Programa" ni Estrada ay nakatuon sa kumpletong pagbebenta ng pambansang patrimonya at kasarinlang pang-ekonomya sa mga dayuhang monopolyong kapitalista at pagsusuko sa interes ng masa.

Dala-dala nito ang bandila ng "globalisasyon", ibig sabihin, ang todong pagbubukas ng ekonomya

sa pagkontrol at pag-sasamantala ng malalaking dayuhang kapitalista. Nakatuon ang pansin nito sa produksyon para sa eksport na lubos na nakaasa sa dayuhang pamumuhunan, dayuhang teknolohiya at dayuhang pamilihan. Nagyayabang pa nga ito ng "todong opensiba sa pag-eksport" sa kalagayang tambak-tambak sa pandaigdigang pamilihang kapitalista ang labis na suplay ng mga tradisyunal na produktong eksport (hilaw na materyales) at mga mumurahing re-eksport (kasuotan,

laruan, *chips*, at iba pa).

Kakabit ng patakaran ito ang higit pang pagbubukas sa dayuhan ng mas marami pang sektor ng ekonomya, gaya ng pagbabangko, pagtitigi, *mass media* at pag-aari ng lupain. Kakabit din ang patakaran sa "pagkontrol ng implasyon sa sahod", ibig sabihin, kontraktwalisasyon, mababang pasahod, pagbabawas ng gastos para sa kaligtasan at kalusugan, at syempre pa, mga patakaran anti-unyon at antiwelga para sapilitang maipatupad ang mga ito.

Para isaisantabi ang reforma sa lupa, idinideklara ng programa ni Estrada na "produktibidad ng lupa, hindi simpleng pag-aari sa lupa" ang sentral na isyu. Bukambibig niya ang reforma sa lupa subalit nagbabalak siyang ipatupad ang mga patakaran ibayong mag-eengganyo sa pagpasok ng dayuhang kapital sa agrikultura upang



magtuon sa pagtatanim ng mga *high-value crops* na pang-eksport. Sinasangkalan niya ang isyu ng seguridad sa pagkain upang itulak ang mga patakarang nakabase diumano sa pamilihan pero lalo lamang magpapalakas sa pagkontrol ng malalaking panginoong maylupa at malalaking komersyante-usurero sa produksyon at kalakalan ng palay at iba pang butil.

Ang gabinete at mga tagapayo ni Estrada ay dinodomina ng mga galamay ng IMF-WB-WTO at mga dambuhalang bangkong transnasyunal. Prominente din sa sirkulang ito ang dating mga kromi ni Marcos. Bilang pandekorasyon, may paisa-isang dating nasa Kaliwa na matagal nang lumipat sa panig ng naghaharing sistema at sunud-sunuran lamang kay Estrada. Maging ang ipinapangakong krusadang antikrimen ay pinagdududahan ng marami dahil sa mga kuneksyon at utang na loob ni Estrada sa bantog na mga amo ng huweteng, sugal, at iba pang krimen.

Nagdiriwang ang malalaking kapitalistang dayuhan at lokal at ang malalaking panginoong maylupa. Walang dudang si Erap ay kakampi nila. Kaya naman buo ang suportang ibinibigay kay Estrada ng White House, Philippine Chamber of Commerce and Industry, Makati Business Club at iba pang organisasyon ng mga malaking kumprador at imperialista.

Gayunman, napakatindi na ng krisis. Ang paggigiit ni Estrada ng mga patakarang antinasyunal

at antimamayan ay tiyak na mabilis na ibayong magpapasahol pa sa paghihirap ng mamayan. Ibayo ring pag-aalabin niyon ang galit at paglaban ng mamayan. Ang kumakalam na sikmura ng gutom na mamayan at ang desperasyon ng daan-daang libong itinatapon sa kalsada, inaagawan ng lupa at inaalisan ng kabuhayan ay hindi mapapakalma ng mga bola at pakulo ni Estrada. Tiyak na sasalubungin nila ng malawakang protesta at pakikibaka ang bawat dagdag na pahirap na ipapataw ng gubyernong Estrada.

Dapat matatag na pamunuan ng Partido at rebolusyonaryong kilusan ang masa ng sambayanan. Kailangang maagap, puspusan at malawakang ilantad sa kongkretoong paraan ang tunay na papet at reaksyunaryong katangian at patakaran ng rehimeng US-Estrada. Kailangang ilantad at labanan ang mga kongkretoong kaso ng pangangamkam, pambubusabos at pang-aapi, kasabay ng pagtumbok sa antinasyunal at anti-mamayanang programa ng rehimeng Estrada na dinisenyo ayon sa dikta ng IMF-WB-WTO, mga dayuhang bangko at korporasyong transnasyunal, at mga lokal na malaking kumprador-burges at malaking panginoong maylupa. Kailangang mas masigasig pang palawakin at palakasin ang mga pakikibakang masa, gayundin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. - **AB**

Ang Pagbabalik ng mga Marcos sa Poder

Kasabay ng pagpasok ni Joseph Estrada sa Malakanyang bilang bagong reaksyunaryong presidente ang kawan ng mga alipures at kroni ng dating diktador na si Marcos.

Nangunguna sa mga ito sina Bongbong at Imee, mga anak ni Marcos, na nahalal bilang Gobernador at Representante sa Kongreso ng Ilocos Norte.

Bukod sa mga ito, may mga hihirangin si Estrada sa kanyang Gabinete na mga prominenteng tauhan ng diktadurang Marcos. Si Estrada mismo at Edgardo Angara, na tumakbo para bise presidente sa ilalim ng partido ni Estrada, ay pawang mga alipures ni Marcos noon. Ang isa sa pangunahing nagpinansya at sumuporta sa kandidatura ni Estrada ay si Danding Cojuangco, numero unong kroni ni Marcos.

Ang panunumbalik ng mga alipures ni Marcos ay nagbibigay-daan sa kanilang pagbawi sa yaman sinekwestor ng pamahalaan noong 1986. Unang una na rito ang pag-aaring bono (*shares of stock*)

ni Cojuangco sa San Miguel Corporation (SMC) na magbibigay muli sa kanya ng mayoryang kontrol sa SMC.

Lumalaki rin ang posibilidad na ang nakaw na yaman ng mga Marcos ay muling mababawi ng kanyang pamilya. Pinagpaplanuhan na ang pag-uwong ng mga demanda laban kay Imelda Marcos na nakabimbin sa mga korte. Kapag nabawi ng pamilyang Marcos ang kayamanang ito, tiyak na maiipit ang kompensasyon para sa mga biktima ng pasistang pang-aabuso sa ilalim ng diktadura.

Sa kabilang mahigpit na pagtutol ng iba't ibang sektor, iginigiit ni Estrada na bigyan ng libing ng bayani ang pasistang diktador. Hindi nya lamang gustong ilibing sa limot ang walang katulad na mga krimen sa bayan ng pasistang diktador at ang libu-libong direktang biktima ng mga pasistang pag-abuso na di pa nabibigyan ng katarungan. Ginagamit pa ang libing para buhayin at mobilisahan ang mga loyalistang Marcos sa loob at labas ng burukrasyang militar at sibil. **-AB**

KS: Arrestuhin ang mga Alipures ng Diktador

Kinokondena ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ang intensyon ng papasok na rehimeng Estrada na bigyang-dangal sa pamamagitan ng upisyal na libing ang kinamumuhiang diktador na si Marcos. Ito ay mariing sampal sa sambayanang labis na pinahirapan at inapi ng pasistang diktadurang Marcos, laluna sa libu-libong biktima ng mga pag-abuso sa karapatang-tao, na napakatagal nang humihiyaw ng katarungan pero patuloy na pinakakaitan.

Matagal nang inabandona ng reaksyunaryong gubyerno sa Maynila ang paghahanap ng katarungan para sa mga biktima ng kinamumuhiang pasistang diktadurang Marcos. Pero lumilitaw na nais pang higitan ng papasok na rehimeng Estrada ang kriminal na kapabayaan ng nakaraang dalawang administrasyon. Hindi lamang nito gustong ilibing sa limot nang walang pagtuwid ang mga krimen at kahayupan ng pasistang

diktadura. Gusto rin nitong ipwesto sa sentro ng kapangyarihan at pribilehiyo ang mga ayaw magsisisi at ayaw managot na mga kamag-anak at alipures ng yumaong pasistang diktador.

Sa harap ng ganitong matagal at nagpapatuloy na paglapastangan sa katarungan, inihahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ang matatag na determinasyong papanagutin ang mga kamag-anak at alipures ng pasistang diktador sa kanilang mga krimen sa bayan.

Alinsunod rito, ang Bagong Hukbong Bayan ay inaatasan ng Komite Sentral ng Partido na magbuo ng mga ispesyal na yunit at magsagawa ng mga operasyon upang arrestuhin ang mga kamag-anak ni Marcos, laluna si Imelda Marcos at Ferdinand Marcos Jr., gayundin ang iba pang pangunahing alipures ng yumaong diktadur para obligahin silang humarap sa hustisya ng bayan at managot sa kanilang malalaking krimen sa bayan. **-AB**

Pagbangon at Pagpapanibagong- Lakas



Maaliwalas ang hinaharap ng armadong rebolusyon sa Gitnang Luzon. Bunga ng puspusang pagtatakwil sa maling linya, mahigpit na pagkapit sa wastong linya at masigasig na pamumuno sa mga pakikibakang bayan, patuloy na nagpapanibagong-lakas ang Partido, Hukbong Bayan at kilusang masa sa rehiyon.

Sa kabilang anti-Partidong panghahati at pananabotahe na nakagulo sa rebolusyonaryong pwersa sa dalawang prubinsya, matatag na sumusulong sa kabuuang rebolusyonaryong kilusang sa rehiyon. Ang kasapihan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa nitong Mayo 1997 ay lumaki nang mahigit 350% kung ikukumpara sa bilang noong 1992. Dumami rin nang 26% ang bilang ng baryong nakikilusan, 50% ang bilang ng mandirigma ng Hukbo at 14% ang kasapihan ng Partido.

Nagpapanibagong-sigla rin ang ligal na demokratikong kilusang sa mga syudad at sentrong bayan ng Gitnang Luzon.

Labing-walang welga ang inilunsad mula 1996 hanggang 1997 sa iba't ibang mga pabrika sa Bataan, Bulacan at Pampanga na nilahukan ng higit sa 1,700 manggagawa para igoit ang pagpapataas sa kanilang sahod. Ang naturang mga pagkilos ay matagumpay na nailunsad sa kabilang ng pananakot at panggigipit na dinanas ng mga manggagawa mula sa kamay ng mga kapitalista at ng Department of

Labor and Employment. Bukod sa welga, dumalo rin ang daan-daang mga manggagawa sa rehiyon sa mga aksyon masa laban sa pagtaas sa presyo ng langis, deregulasyon ng industriya ng langis at sa pakanang "charter change" ng rehimeng Ramos. Higit sa 3,000 manggagawa ang dumalo sa raling inilunsad upang gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa at ilang daan ang nakiisa sa pagkilos na idinaos sa Maynila laban sa pambubuladas ni Ramos sa kanyang State of the Nation Address.

Ang militanteng kilusang manggagawa sa rehiyon ay sumasaklaw sa mahigit 60 pabrika sa limang prubinsya. Ang mga pabrikang ito ay may ilampung libong manggagawa at mga unyong sumasaklaw sa 85% ng mga manggagawa. Nakatayo sa malaking mayorya ng mga unyon ang lihim na rebolusyonaryong bag-as ng Partido o di kaya'y ng mga sulong na aktibistang manggagawa.

Nitong 1997, libu-libong estudyante mula sa 16 na malaking paaralan ang lumahok sa 19 na aksyon masa. Malaganap at masigla rin ang gawaing propaganda at edukasyong pampolitika sa hanay ng mga estudyante. Tampok na mga isyu ang Education 2000, Medium Term Philippine Development Program, imperyalistang globalisasyon, APEC, pagtaas ng presyo ng langis, karapatang-tao, pagtaas ng matrikula at mga isyung kaugnay ng karapatan at kagalingan ng mga estudyante. Mula 1996 hanggang 1997, halos 8%

ang inilaki ng kasapi ng Kabataang Makabayan sa rehiyon.

Mga Mayor na Salik

Ang higit na nakararaming kadre at kasapi ng Partido sa rehiyon ay determinado sa pagwawasto sa mga nakaraang paglihis at pagkakamali. Mahigpit din silang tumatalima sa wastong linya ng demokratikong rebolusyong bayan at malawak at masinsing pakikidigmang gerilya na nakabatay sa papalapad at papalalim na baseng masa. Ang mga ito ang pinakamahalagang dahilan ng makabuluhang mga pagsulong na natamo ng rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon. Sa pamumuno ng Komiteng Pan-rehiyon ng Partido, iwinaksi ang maling linya ng estratehikong kontra-opensiba (*strategic counter-offensive* SCO) sa loob ng estratehikong depensiba. Ito ang nagdulot ng maling transformasyon ng Hukbo sa mga panlabang yunit na libre sa gawaing masa, na labis na nagpahina sa gawaing masa at kakayahang militar sa mga lokalidad, at pagkatapos ay sinundan pa ng walang patumanggang pagpapaigting ng digma. Iwinaksi rin ang linyang insureksyunista na labis na nagpalaki sa timbang ng pakikibakang lunsod, nagpaigting sa pakikidigmang partisanong sumagasa sa kilusang masa at pakikibakang lunsod, naglaro ng insureksyon, at dumistrunka sa wastong latag ng pwersa at pakikibaka sa kanayunan at kalunsuran. Itinakwil din ang oportunistang linyang salungat sa wastong linya sa uri ng rebolusyong dalawang-yugto, na nagpalabnaw sa makauriing batayan ng pakikipag-isang prente at nagwaksi sa proletaryadong pamumuno ng Partido sa rebolusyon.

Determinadong binaka ng Partido sa Gitnang Luzon ang mga naturang kamalian. Muling binigyang diin ang pagbubuo ng mga organisasyong masa at ng Partido sa batayang antas sa lunsod man o kanayunan. Pinasimple ang istruktura ng pangangasiwa para maitalaga sa gawaing masa at pagbubuo ng mga lokal na sangay ng Partido ang pinakamalaking bilang ng kadre ng Partido.

Ipinatupad ang sistema ng pag-uulat sa bawat antas ng organisasyon at pana-panahon, ang mga namumuno ay nagsasagawa ng tuwirang pagsisiyasat sa mga nakabababang yunit, hanggang sa batayang antas.

Kaakibat ng malalim na pag-uugat ng mga kasama sa masa, iwinasto ang mahigit isang dekadang kapabayaan sa pag-aaral ng mga saligang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at mulat na aplikasyon nito sa rebolusyonaryong praktika. Ang kapabayaang ito'y

nagdulot ng malalaking kalituhan, paglihis at kamalian. Ang paglitaw ng linyang SCO mismo ay manipestasyon ng mababaw na pagsapol sa teorya ng digmang bayan.

Sa pang-ideolohiyang konsolidasyon ng Partido sa rehiyon, ipinatupad ang wastong estilo ng pag-aaral na nagsasanib ng rebolusyonaryong teorya sa rebolusyonaryong praktika sa pamamagitan ng masinop na teoretikong edukasyon, pagsa-sagawa ng mga panlipunang pagsisiyasat, pagtatasta at

paglalagom at pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Mahalagang bahagi ng pagwawasto sa larangan ng edukasyong pampulitika ang pag-aaral sa moda ng produksyon at pagsusuri ng mga uri. Ilalagay nito sa matibay na tuntungan ang linya ng bagong demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Pinapawi nito ang maling pananaw ng mga insureksyunista na kapitalista na ang moda ng produksyon sa Gitnang Luzon (at Pilipinas) kung kaya't insureksyon ang dapat na estratehiya sa rehiyon (at buong kapuluan). Nilagom din ang karanasan ng rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon upang mula rito'y makahalaw ng mga aral at hindi na maulit pa ang mga kamalian at paglihis noong nakaraan.

Habang puspusang isinusulong ang kilusang pagwawasto sa rehiyon at ang mga gawain sa internal na konsolidasyon, mapangahas at malikhaing pumupwesto sa unahan ng pakikibaka ng mamamayan ang Partido. Tinitiyak nito na ang pakikibaka ay magluluwal ng ibayong pagdami at paglakas ng rebolusyonaryong organisasyon sa

batayang antas at mag-aambag sa pag-papanibagong-sigla at muling paglakas.

Duyan ng Rebolusyon

May natatanging kabuluhan ang muling pagsulong at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon.

Sa Gitnang Luzon isinilang noong Disyembre 26, 1968 ang muling itinatag na Partido Komunista ng Pilipinas. Iniluwäl ito sa gitna ng Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto na nagtakwil sa rebisyunismo ng pangkating Lava. Matapos ang tatlong buwan, sa ikalawang distrito ng Tarlac itinatag ang Bagong Hukbong Bayan. Binuo ang siyam na iskwad ng BHB at binuksan ang kauna-unahang larangang gerilya sa Pilipinas. Sinaklaw nito ang ikalawang distrito ng Tarlac at kanugnog nitong ilang bahagi ng Panganga, Zambales at Nueva Ecija.

Sa Gitnang Luzon unang pumutok ang armadong pakikibaka. Nailunsad dito ang mga taktikal na opensiba na naka-pagdagdag

ng halos 200 ripleng awtomatik sa arsenal ng BHB.


Dito rin inilunsad ang ilan sa kauna-unahang mayor na aksyong masa na pinamunuan ng muling itinatag na Partido. Ginanap sa Tarlac noong Abril 1969 ang isang legal na demonstrasyong nilahukan ng 50,000 katao. Nailunsad bago mag-batas militar ang isang malaking rali sa Clark Air Base laban sa digmang agresyon ng US sa Vietnam na dinaluhan ng may 100,000 katao. Ito ang naging bunga ng pagkilos sa hanay ng kabataan-estudyante at mga manggagawa bago pa mag-1968.

Sa kabilang malalaking pananalakay ng kaaway, hindi nadurog ang rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon. Gumamit ito ng mga pleksibleng taktika at mga pamamaraan sa kilusang lihim na nakapagpreserba sa hukbong bayan at rebolusyonaryong pwersa. Nakapaglunsad pa ng mga taktikal na opensiba ang BHB. Pagdating ng 1972, umabot na sa 15 ang iskwad ng Bagong Hukbong Bayan at kumikilos na ang mga ito sa limang prubinsya ng rehiyon. Mayroon na rin noong

320 myembro ng Partido sa rehiyon (na katumbas ng 16% ng kabuuang kasapihan ng Partido sa taong iyon).

Sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon, nakapagpalitaw ito ng mga tauhan at armas na tumulong sa pagtatanim ng binhi ng armadong pakikibaka sa ibang rehiyon. Patuloy nitong ginampanan ang nangungunang papel sa armadong pakikibaka at kilusang masa sa panahong inilalatag at inihahanda pa ang mga larangang gerilya sa iba't ibang dako ng kapuluan.

Ang kalapitan ng Gitnang Luzon sa Kamaynilaan ay nagbibigay ng namumukod na kabuluhan sa paglulunsad ng armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa sa rehiyon. Dahil halos nasa tarangkahang na ito ng pambansang sentrong urban,



May natatanging kabuluhan ang muling pagsulong at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon.

madaling maitambol sa Maynila at ibang bahagi ng Pilipinas ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan dito -- bagay na nakapagpapataas sa *morale* ng mamamayan at rebolusyonaryong pwersa at nagdudulot ng kakaibang dagok sa estado.

Ipinamalas ng Gitnang Luzon ang ganitong kakayahan noong unang hati ng dekada '80 nang lumubha ang krisis sa ilalim ng pasistang diktadurang US-Marcos. Ang malaganap na mga taktikal na opensiba at malalaking aksyong protesta sa rehiyon ay nakaambag nang malaki sa pagyanig sa diktadura at nakapagpabilis sa pampolitikang pagkakahiwalay at tuluyang pagbagsak nito. Sa huling taon ng pasistang diktadura, tatlong ambus, pitong reyd at malaganap na mga operasyong partisano ang isinagawa ng hukbong bayan. Sa Bataan, pinasabog noong Hunyo 1985 ang 27 mga *tower* ng *transmission line* ng plantang nukleyar. Sinundan ito ng ikalawang BEPZ (Bataan Export Processing Zone)-wide strike na nilahukan ng mahigit 10,000 manggagawa at ng welgang bayan laban sa pag-oopereyt ng plantang nukleyar noong taon ding iyon na nilahukan ng ilampung libong mamamayan. Umalingawngaw sa buong bansa ang mariing pagtutol ng mamamayan ng Bataan di lamang sa plantang nukleyar kundi maging sa diktadura.

Sa patuloy na pagsulong sa rehiyon ng kilusang pagwawasto, tiyak na patuloy din ang makabuluhang pag-aambag ng Gitnang Luzon sa kabuuang pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas.

Masalimuot na Landas

Bago nakalarga ang IDKP at pagpapanibagong-lakas sa Gitnang Luzon, dumaan muna ito sa

mahaba at masalimuot na pakikipagtunggali sa mga elementong petiburges na ayaw magpanibagong-hubog at humarang sa kilusang pagwawasto sa rehiyon.

Noong 1994, nilagom ang 11 taong karanasan ng rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon. Isang bloke sa pamunuan ng rehiyon na pinangungunahan ng magkalaguyong Bill (Luisito dela Cruz) at Olive (Caridad Magpantay) ang nagpanggap na nagtataguyod sa kilusang pagwawasto habang matigas namang nagtanggol sa linyang SCO at sa mga patakaran at tungkuling ipinatupad sa rehiyon alinsunod nito. Nakapangbabaw ang maling pananaw ng blokeng ito sa maraming usapin. Subalit nagkaisa rin ang Komiteng Panrehiyon na ihapag muna sa Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ang resulta ng paglalagom.

Sa 55-araw na konsultasyon sa pagitan ng KTKR at ng KTKS noong unang kwarto ng 1996, nagpanggap ang ilan sa kanila na nakikipagkaisa sa husga ng kilusang pagwawasto sa linyang SCO, sa pagsusuri kung paano ito ipinatupad sa rehiyon at kung ano ang ibinungang pagbagsak at pagkagasgas ng pwersa, gayundin sa kasalukuyang mga patakaran ng Partido kaugnay ng kilusang pagwawasto. Nagpanggap din ang bloke na nakikipagkaisa sa pangangailangang ultiin ang paglalagom dahil kailangang ituwid ang mga maling kongklusyon nito.

Subalit pagkatapos ng konsultasyon, patuloy nilang ipinangalandakang "walang naganap na regularisasyon sa Gitnang Luzon" at "tama ang transformasyon" ng Hukbo sa mga buong-panahong yunit panlaban. Sa kabilang matiyaga at tuluy-tuloy na pagsisikap na hikayatin sila, nagmatigas sila sa pagtataguyod sa linyang SCO, laluna sa kumbinasyon ng bertikalisasyon ng hukbo at insureksyunismo, linyang burges sa nagkakaisang prente at pagbabase sa syudad.

Sa serye ng mga "pag-aaral" at "pulong" ay kanilang itinulak ang mga pagsusuri, linya at konseptong salungat sa kilusang pagwawasto at sa linya at mga patakaran ng Partido. Kasunod ay nagpakulo sila ng mga gawa-gawa at pinakalaking isyu laban sa mga tapat na kasapi ng KR na ginamit para ipatupad ang sabay-sabay na resignasyon upang lumikha ng krisis sa organisasyon. Ginawa nila ito upang lalong maipwesto ang sarili sa pamunuan ng rehiyon at ihiwalay sa Partido ang panrehiyong organisasyon sa Gitnang Luzon.

Ginapang nila ang mga organo at indibidwal at tinangkang kunin ang kanilang simpatya sa pamamagitan ng pagkakalat ng lason at intriga laban sa matatapat na kasapi ng Partido.

Nang mapagpasyang humakbang ang KTKS at ang KR para sila ay sansalain sa maling ginagawa, tumungo na ang bloke sa lantarang pagpapaksyon at panghahati. Naobliga ang Partidong itiwalag at itakwil ang lumantad nang paksyong Bill-Olive noong Agosto 28, 1997. Si Nicolas Magdangal (Francisco Pascual) na sa simula'y nagpanggap na tagapamagitan habang aktibong kasabvat sa panghahati at pananabotahe ay itiniwalag din sa Partido noong Enero 1998, pagkaraang lumantad na pasimuno ng paksyong anti-Partido at nagtangkang manghati sa dating National Peasant Secretariat.


Mabigat ang pananagutan ng paksyon. Sa matagal na pagkaantala ng kilusang pagwawasto sa rehiyon, patuloy na nakalasap ng matitinding pinsala ang organisasyon ng Partido sa Gitnang Luzon. Tampok dito ang pagkahuli ng bag-as ng panrehiyong pamunuan na nakahon sa matagal na panahong pagbabase sa syudad. Sa lahat ng rehiyon, pinakamataas ang rekord ng Gitnang Luzon sa bilang ng mga cadreng nadakip sa urban. Sa naturang pangyayari, hindi lamang napilayan ang pamunuan ng rehiyon kundi nakasamsam pa ang kaaway ng pinakasariwa at detalyadong datos tungkol sa latag ng pwersa at mga gawain.

Bukod ito sa disorientasyon at demoralisasyon sa mga cadre at mandirigmang likha ng pag-uuong-sulong sa pagwawasto at pananaw sa linyang SCO. Sa labis ding pagkaantala ng rektipikasyon, patuloy na nagpatung-patong at lumala ang mga dati nang kamalian at suliranin, kabilang na ang problema sa relasyon sa masa—bagay na nagdulot ng dagdag pang mga pinsala at kahirapan.

Subalit ang paksyunalismo at panghahati mismo—ang tahasang pangwawarat sa Partido, Hukbo at baseng masa—ang pinakamalaking pinsalang ginawa ng mga pwersang anti-rektipikasyon na ngayo'y naging lantad nang anti-Partido. Ang paksyunalismo at panghahati ng

trio ang pinakamapait na bunga ng malulubhang paglihis at pagkakamali sa nakaraan.

Bagamat napigilan silang magkalat sa kalakhan ng panrehiyong organisasyon, labis na naka-panggulo ang trio sa Partido, Hukbo at baseng masa sa Bataan at Zambales, ang dalawang prubinsyang matagal na kinontrol ng mga pasimuno ng paksyon. Sa lahat ng lalawigan sa Gitnang Luzon, tanging ang dalawang ito ang hindi nakapagtala ng paglaki ng kasapihan ng Partido, Hukbo at ng baseng masa



mula 1992.

Nabigo ang trio sa pagtatangkang gamitin ang mga natangay nilang cadre at mandirigma upang manggulo sa mga katabing prubinsya. Sa Bulacan, tinangka nilang manliinlang at manghatak. Subalit

napatalsik ang pangunahing "asset" ng mga paksyunalistang prubinsya nang wala man lamang natangay kahit isa sa organisasyon ng Partido at baseng masa.


Arogante silang gumagamit ng armadong pagbabanta, tulad ng pananakot sa masa at reboleusyonaryong pwersa sa ilang lugar sa Bataan na nabawi ng Partido. Nariyang iparada nila ang kanilang nakaripleng pormasyon, kasabay ng pagpwersa sa masa na mamili ng panig na sasamahan. Ang mga taumbaryong natutukoy nilang napapakilos ng Partido ay pilit ding pinatitigil sa pagtulong sa rebolusyon. Subalit ayon na rin sa ular ng yunit na nasa gawaing masa sa mga lugar na ito, lulugo-lugo ring umaalis ang armadong grupo ng paksyon dahil "sa kilusan at Partido ang komitment ng masa".

Sa harap ng ganitong mga probokasyon, mahigpit na iniiwasan ng mga proletaryong rebolusyonaryo ang armadong kumprontasyon upang patampukan ang pampolitikang paglalantad sa mga paksyunalistang.

Sa kabilang banda, tuluyan nang nabulok ang mga pwersang nalinlang at natangay ng mga paksyunalistang. Tulad ng mga bandidong pangkating Taruc-Sumulong, nauwi sa pangingikil ang mga armadong grupo ng pangkatin. Nagbubunga ito ng mabilis na disintegrasyon at pagkakawatak-watak sa kanilang hanay. Ang mga natangay na kabataang mandrigma, halimbawa, na dating punung-puno ng sigla ay nanlalamig, lubusang nawawalan ng loob at umaalis matapos ang ilang buwan lamang na paglabas at pagsalungat sa linya at mga saligang prinsipyo ng rebolusyon.

Ngayon, ang paksyon ay lantad na nakipagsanib sa Alex Boncayao Brigade-Revolutionary Proletarian Army (ABB-RPA) ni Sergio Romero at iba pang grupong nauna nang humiwalay sa Partido gaya ng pangkating Manjet Manalo. Nakatuon na ang kanilang atensyon sa panggugulo sa kilusang masa sa Maynila-Rizal dahil mabilis nang nalalansag ang pwersang natangay nila sa kanayunan. Para matupad ito, bumubuo sila ng sapin-saping mga alyansa na pawang nakatuntong sa mga pwersang nag-oopisina (walang matatawag na baseng masa) at nagdadala ng linya ng lumang-tipong pambansang demokrasya (pakikibakang pinamumunuan ng burgesya).

Patuloy ang kanilang pagsasaboy ng lason at intriga laban sa Partido at pambabaluktot sa mga saligang prinsipyo nito. Nitong Abril, inilabas nila



ang katawa-tawang paratang na "inaabanduna na ng Partido ang ligal na pakikibaka" at puro pagsusulong na lamang daw ng armadong pakikibaka sa kanayunan ang aatupagin nito. (*tingnan ang kaugnay na artikulo*)

Ang tanging positibong bagay na masasabi sa naturang paksyunalismo at panghahati ay ang aral na idinulot nito sa mga sinsero at matapat na kadre at kasapi ng Partido. Ang mga paksyunalistang nagsilbing mga buhay na negatibong halimbawa ng mga elementong petiburges na tumigil sa pagpapanibagong-hubog, nabulok hanggang sa humantong sa pananabotahe at pangwawasak sa loob.

Ang mapait na karanasan sa internal na tunggalian at ang baku-bakong dinaanan ng rektipikasyon ay nag-iwan ng napakalalim na mga leksyon sa tunggalian ng dalawang linya. Sa proseso ay ibayong lumalim ang pagsapol ng mga kadre at kasapi ng Partido sa rehiyon sa mga usapin sa prinsipyo, linya at mga patakaran ng Partido.

Sa tulak ng pukpukang pakikipagtunggali sa mga paksyunalistang, sininop ng matatapat na elemento ng Partido ang wastong paglalagom sa mga karanasan (mula 1982 hanggang 1997), pagpapalaganap ng mga pag-aaral sa mga kurso ng Partido, pagpapalakas at pagsusulong ng gawaing masa at kilusang masa.

Mahigpit na hawak ang mga aral mula sa mga positibo at negatibong karanasan, nasa mahusay na katayuan ngayon ang Partido sa Gitnang Luzon na pamunuan ang rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon sa gitna ng matinding krisis ng naghaharing sistema. **-AB**

Nueva Ecija: Matingkad na Pagsulong

Isa ang Nueva Ecija sa mga lalawigan ng Gitnang Luzon na nakapagkakamit ng matitingkad na pagsulong.

Ang bilang ng kasapi ng Partido at tauhan ng Hukbo na dating pabawas ay muling napalaki nang mahigit 10% mula 1996 hanggang 1997. Lumawak nang halos isa at kalahating ilit ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Lumawak din nang may 10% ang bilang ng baryong saklaw ng mga larangang gerilya. Napanatili ang pagkilos sa mga estratehikong lugar tulad ng mga bahaging mabundok at maburol at dugtungan ng mga munisipalidad. Nabalikan din ang ilang eryang pansamantalang naiwan dahil sa tindi ng atake ng kaaway.

Mahalagang banggitin na napakilos sa lalawigan ang maraming bilang ng masang aktibista na masiglang umako ng mga mapagsakripisyong responsibilidad sa gawaing rekoberi na dati ay nakasentro sa malit na bilang ng mga cadre at kasapi ng Partido.

Naging inspirasyon din ng maraming cadre, pwersa at masa sa prubinsya ang mga naisagawang taktikal na opensiba ng Hukbo, lalo na ang dalawang matagumpay na ambus na magkasunod na inilunsad noong 1997 sa Carranglan at Cuyapo.

Bukod rito, nakapaglulunsad ng maliliit na aksyon militar kung saan naparurusahan ang mga sagad-saring impormer at masasamang elemento na perwisyo sa masa. Nitong Enero 24, pinarusahan si SPO1 Eleony "Ely" Cariaga sa Caliwanagan, San Jose City. Si Cariaga, na

nakatalaga sa 308th PNP Mobile Group ay isang pusakal na pulis na maraming utang na dugo sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Bago nito, pinarusahan ang upisyal sa paniktik na si ret. PNP Insp. Celedonio Baniaga noong Enero 12 sa Pulong Mayaman, Aliaga.

Maging ang pagkasawi ng dalawang mandirigma sa isang depensibong laban noong

Hulyo 17, 1997 ay natransforma sa pam-politikang tagumpay dahil sa pagtaas ng mapanlabang diwa at militansa ng masa, kamag-anak at kaibigan sa ginawang parangal sa mga nasawi. Higit sa lahat, kagyat na hininalinhan ang dalawang kasama ng anim na kabataang nagboluntaryong sumapi sa Hukbo.

Sa hayag na kilusang masa, mula Agosto 1996 ay nagmarka sa lalawigan ang papalaking bilang ng masigla, pili at mapangahas na pagkilos. Breyktru sa panahong ito ang pagtindig-sa-sarili (*self-reliance*) ng mga pagkilos at pagtamasa ng

makabuluhang suporta mula sa masa at alyado. Nagsilbing militanteng paaralan ang mga pagkilos sa mga kalahok na naging batayan upang sila'y maorganisa sa kilusang lihim at marekrut sa Bagong Hukbong Bayan. Sa partikular, nasimulan na ang pagdeploy sa kanayunan ng mga cadre at aktibista mula sa hanay ng kabataan-estudyante sa lalawigan. Inaasahang magpapatuloy ang pagsapi ng paparaming bilang ng kabataan-estudyante sa Hukbo. **-AB**



Tungkol sa mga Buladas ng Triong Magdangal-Bill-Olive

Nitong Abril 18, lumabas sa pahayagang **Philippine Daily Inquirer** ang panayam sa isang nagpikilalang "Nicolas Magdangal". Sa naturang artikulo, si Magdangal (Francisco Pascual) ay nagsaboy ng kung anu-anong lason at kasinungalingan laban sa pamunuan ng Partido. Tahasan niyang binaluktot ang mga tunay na pangyayari kaugnay ng paksyunalismo sa Gitnang Luzon na isa siya sa mga namuno. Tampok sa kanyang mga buladas ang "pag-aabandona na ng Partido sa mga ligal na organisasyon upang ituon ang lahat ng pagsisikap sa pagsusulong sa armadong rebolusyon sa kanayunan". Ani Magdangal, itinuturing na raw ng Partidong "pagsasayang lamang ng oras" ang mga ligal na pakikibaka.

Ang artikulo ay isa lamang sa serye ng mga makamandag na pahayag ni Magdangal at ng mga kasapakat niya laban sa Partido. Yayamang dinala na ng mga paksyunalistang usapin sa masmidya, naoobliga ang Partido na gumawa ng paglilinaw sa publiko at sagutin ang kanilang mga buladas. Ang sumusunod ay pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas hinggil sa artikulong lumabas sa **Inquirer**.

Anim na taon nang nagpupunyagi ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Anim na taon nang ubos-kaya ang pagpupursigi ng mga proletaryong rebolusyonaryo para sa pagpapanibagong-sigla at -lakas sa pamamagitan ng mulat at matatag na pagtagtaguyod sa wastong linya ng demokratikong rebolusyonaryong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Anim na taon na rin, humigit-kumulang, na nagsisikap ang Partido na himukin ang ilang elementong nag-aatubili sa kilusang pagwawasto pero ipinapalagay na sinsero at matapat. Kabilang sa mga ito sina Francisco Pascual (Nicolas Magdangal), Luisito dela Cruz (Bill) at Caridad Magpantay (Olive). Pero sa kabilang ng mga



paghimok, may ilang elementong tulad ng triong Magdangal-Bill-Olive na patuloy na nagtanggol sa militarista at insureksyunistang linyang SCO, nagtaguyod sa rebisyunistang konsepto ng nagkakaisang prente, nagkalat ng lason laban sa kilusang pagwawasto, at nagwalang-bahala sa demokratikong sentralismo ng Partido—habang nag-aastang mga matapat na lider ng Partido.

Mas masahol pa, sa nakaraang dalawang taon, ang naturang trio—sa halip na magwasto at pumaloob sa disciplina ng Partido—ay bumaling sa tahasang paksyunalismo, panghahati at pananabotahe sa organisasyon ng Partido sa rehiyong Gitnang Luzon at ilang organisasyong nakabase sa Maynila-Rizal. Sa ganitong sitwasyon, naoobliga ang Partido na itiwalag ang mga naturang militarista at insureksyunista na hindi lang ayaw

magwasto kundi naging mga tahasang paksyunista at manghahati pa. Pormal na itiniwalag ang magkalaguyong Bill at Olive noong Agosto 1997, pagkaraang ihiwalay nila ang ilang bahagi ng Partido at hukbong bayan at itayo ang mga hayag na organisasyong Contra sa Gitnang Luzon. Si Nicolas Magdangal, na nagpanggap na "tagapamagitan" gayong isa sa mga paksyunal na pasimuno mula't sapul, ay pormal na itiniwalag din sa Partido pagkaraang lantad na lumabas sa demokratikong sentralismo ng Partido at nanghati at nanggulo sa saklaw ng NPS (National Peasant Secretariat) noong Enero 1998.

Nangangarap ngayon ang nasabing trio na maging sentro ng rebisyunistang pagkontra sa rebolusyonaryong kilusan. Tinatangka nilang tipunin ang nagkakalat-kalat nang mga elementong rebisyunista at anti-Partido upang buhaying pilit ang bigong militarista, insureksyunista, populista at rebisyunistang kampanya laban sa linya ng demokratikong rebolusyonaryong bayan. Gayunman, wala silang maipakita maliban sa dati at gasgas nang mga rebisyunistang pambabaluktot at kasingalingan na binudburan ng pamintang anti-Komunista.

Idinidisplay at inihahain nila ang kanilang sarili sa propagandang imperyalista at burges bilang mga buhay na eksibit ng diumano'y Komunistang kakitiran at panunugis. Sa katunayan, sila ay mga buhay na negatibong halimbawa ng mga elementong petibusges na tumigil at tumalikod na sa pagpapanibagong-hubog, naakit sa adbenturismo at oportunismo sa paghahanap ng mga *shortcut* sa tagumpay, nabulok at walang pakundangang lumapastangan sa disiplina ng Partido, nagtangkang manghati at manira sa loob, at nang mabigo'y humihiyaw ng panunupil ng Partido. Kontrarebolusyon ang dulo ng landas na kanilang tinatahak.

Sa tangkang makapaghagis ng wari'y may kabuluhang isyu laban sa Partido at rebolusyonaryong kilusan, naglulubid sila ng buhangin tungkol sa diumanong kumpletong "kaliweteng" pagbaling ng Partido at rebolusyonaryong kilusan. Subalit dahil mas interesado sa pang-iintriga kaysa sa seryosong pakikipagtalo, ayaw nilang harapin ang tunay na patakaran at praktika ng Partido. Sa halip, umiimbento sila ng mga pantastikong kwento tungkol sa bagong estratehiya daw ng Partido na ganap na tumatalikod sa mga ligal na organisasyon

at pakikibaka.

Pero hindi pwedeng hindi mapansin ng sinumang matapat na mag-aaral sa mga dokumento at lathalain ng Partido ang tuluy-tuloy na mataas na pagpapahalaga ng Partido sa ligal na kilusan at pakikibaka. Lalong hindi ito pwedeng hindi mapansin ng sinumang nagmamasid sa araw-araw na praktika ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa nakaraang ilang taon, ubos-kaya ang pagsikap ng Partido na maigpawan ang mga pinsalang idinulot ng mga nakaraang paglihis at kamaliang militarista at insureksyunista sa ligal na kilusang demokratiko. Walang humpay ang pagsikap ng Partido na isulong ang mga ligal na pakikibaka sa kabilang tangkang pananabotahe ng mga rebisyunistang taksil at malupit na panunupil ng pasistang estado. Malinaw na pruweba ang malalaking pagsulong na nakakamit ng mga hayag na kilusang manggagawa, magsasaka, kabataang-estudyante, kababaihan, kawani at iba pang demokratikong sektor. Kung tutuusin, ibayong napalawak pa ang mga aktibidad at mga pamamaraan ng rebolusyonaryong kilusan sa larangan at pakikibakang ligal kung ihahambing sa mga nakaraang taon ng pamamayagpag ng insureksyunismo at populismo. Ang pansiñ at pagod na iniuukol ng rebolusyonaryong kilusan sa negosasyong pulitikal ay isa pang malinaw na patunay sa mataas na pagpapahalaga ng Partido sa pakikibakang ligal.

Gayunman, di tulad ng mga rebisyunistang taksil na naglalako ng parlamentarismo at repermismo pagkaraang mabigo sa pa-



nikipagsapalaran sa militarismo at insureksyunismo, matatag na isinusulong ng Partido ang ligal na kilusan at pakikibaka habang pursigidong pinaunlad ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka. Di tulad ng mga rebisyunistang taksil, hindi natin isinusulong ang ligal na kilusan at pakikibaka para ilayo ang masa sa armadong rebolusyon. Sa halip, isinusulong natin ang ligal na kilusan at pakikibaka para nga mas malawakan pang pukawin, palahukin at pasuportahan ang mamamayan sa armadong rebolusyon.

Tinatangka ring buhayin ng triong Magdangal-Bill-Olive ang linya at programang Bagong Katipunan upang ipalit sa NDF at 12-puntong programa ng NDF, kahit ang una ay matagal nang itinakwil ng Partido at mga alyadong organisasyon. Ang linya at programang Bagong Katipunan noong mga unang taon ng dekadang 1980 ay linya at programa sa nagkakaisang prente na nakabalangkas sa lumang-tipong rebolusyonaryong demokratiko. Itinuring nitong sagabal—sa halip na kilalaning saligang rekisito—sa pagbubuo at pagpapalawak ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente ang pamumuno ng Partido. Itinuring nitong sagabal—sa halip na kilalaning saligang rekisito—sa pagbubuo at pagpapalawak ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente ang pagpapalakas ng mga saligang rebolusyonaryong pwersa na malinaw na nagtaguyod sa pamumuno ng proletaryado at sa bagong-tipong rebolusyonaryong demokratiko na may perspektibang sosyalista.

Ang rebisyunista at burges na linya sa nagkakaisang prente sa nakaraan ay hindi lamang lubos na nabigong makapagpalawak at makapagpalakas sa nagkakaisang prente. Ibayo pang pinahina nito ang Partido at mga saligang pwersa ng rebolusyon; lubha ring pinahina at pinakitid ang iba't ibang gawain at organisasyong nagkakaisang prente. Kaya ang linya at programang Bagong Katipunan ay itinakwil ng Partido, gayundin ng Unang Pembansang Kumperensya ng NDF noong 1994.

Mula noon, puspusang iwinasto ng Partido ang malulubhang paglihis at pagkakamali sa

nagkakaisang prente. Ang patuloy na pagpapanibagong-lakas ng Partido at iba pang saligang pwersa ng rebolusyon—kaalinsabay ang wastong pagkukumbinasyon ng iba't ibang ugnayang kumperensyal, konsultatibo at konsenswal at pakikipagtulungan multilateral at bilateral sa iba't ibang saklaw at antas—ay matagumpay na nakapagpalawak at nakapagpalakas sa rebolusyonaryong nagkakaisang prente. Sa buong kapuluan at sa iba't ibang rehiyon, matatag na sumusulong ang rebolusyonaryong pakikibaka at patuloy na tumataas at lumalawak ang rebolusyonaryong prestihiyo at pamumuno ng Partido at kilusang pambansang demokratiko sa hanay ng mga pwersang demokratiko at progresibo at sa malawak na masa ng sambayanan.

Lubos na karapatan ng rebolusyonaryong kilusan na ipagtanggol ang rebolusyonaryong integridad nito laban sa pag-atake, pananabotahe at panghahati ng mga *prima donnang* petiburges na triong Magdangal-Bill-Olive. Lubos na karapatan at mahigpit na tungkulin ng Partido na itaguyod ang mga saligang prinsipyo at ilantad at itakwil ang rebisyunismo, militarismo, insureksyunismo at oportunismo na itinataguyod ng triong ito.

Sa pamamagitan ng pagtitiwalag sa kanila, hindi lamang napatigil ang panggugulo at pananabotahe sa Partido at rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon at ilang organisasyong nakabase sa Maynila-Rizal. Mas masigasig na naisulong ang kilusang pagwawasto. Malayang nakapaghayag ng kanilang mga pagpuna ang mga karaniwang kadre at kasapi ng Partido sa mga yunit na tinangkang gawing pribadong konesyon ng trio at tinangkang kontrolin sa pamamagitan ng panlilinlang, pambibilog ng ulo, pambubuska at panunuhol. Sumiglang nakapagpalawak ang mga nasabing organisasyon at mabilis na nakaigpaw sa mga pansamantalang dislokasyong likha ng trio. Sabi pa ng ilang kasama, saka lang muli nilang naramdaman na sila'y tunay at mahigpit na bahagi ng iisang Partido at iisang rebolusyonaryong kilusan. **-AB**



Hambalos ng "Globalisasyon" at Krisis sa Manggagawang Pilipino



Sa atrasado at agraryong kalagayan ng ekonomyang malapyudal, permanenteng sitwasyon ang sobra-sobrang suplay ng paggawa, ang napakalaking hukbo ng wala at kulang ng empleyo at ang kaakibat na labis na mababang pasahod, di makataong kundisyon sa paggawa, kawalan ng seguridad sa trabaho at iba pang kasamaan ng maliit at atrasadong kapitalistang sektor na nasa dominasyon ng dayuhang monopolyong kapital.

Anumang pakinabang at karapatang natatamasa ng mga manggagawa ay kailangang ipaglaban nang pukpuhan at pagkatapos pa'y hindi tinatantanan ng pag-uk-ok, pagsagasa, pagpapaikot at pagpapaatras ng mga kapitalista. Kaya ang kabuuang katayuan ng mga manggagawa sa pabrika at sa lipunan ay nakasalalay sa lakas ng kanilang kilusan at pakikibakang pang-unyon at pampulitika.

Bunga ng mga pakikibaka ng kilusang manggagawa sa pamumuno ng Congress of Labor Organizations (CLO), naobliga ang reaksyunaryong estado na pormal na kilalanin ang karapatan ng mga

manggagawa sa kolektibong pag-oorganisa at kolektibong pakikipagtawaran. Pero gaya ng madalas na mangyari, ang repormang dagdag na ani ng rebolusyonaryong pakikibaka ay kinilala ng mga reaksyunaryo pagkaraan lamang madurog ang rebolusyonaryong pwersang nagtaguyod niyon, sa layuning pigilan ang muli nilang pagtitipon.

Noong mga dekadang 1950 at 1960, pormal na umiral ang kolektibong tawaran sa mga relasyong industriyal, gayundin ang mga pamantayang nasa batas tungkol sa sahod, mga kalagayan sa paggawa at mga karapatang unyon. Ang mga ito ay mas nilabag kaysa tinupad bagamat nakapagbigay ng ilang puwang sa mga unyon at kolektibong pakikipagtawaran laluna sa malalaking empresa.

Mula 1973, tahanang ipinagbawal ng pasistang diktadurang US-Marcos ang mga welga at tinangkang tuwirang kontrolin ang mga unyon at ang mga alitang industriyal. Lalong pinahina ang kolektibong tawaran; namayani ang mga usapang trilateral (gubyerno, negosyo at paggawa), pagkuha ng estado ng hurisdiksyon at, higit sa lahat,

pasistang pambahaso. Sa ngalan ng pag-akit sa dayuhang pamumuhunan, lantarang sinikil ang mga manggagawa at mga unyon at pinanatiling mababa ang sahod.

Ang mga unang taon ng rehimeng Aquino ay panahon ng transisyon sa pulitika at ekonomya. Minana nito ang ekonomyang lubog sa utang sa labas, pinahihirapan ng napakalaking deposit sa kalakalan, at nasa kumpletong kontrol ng IMF-WB at mga dayuhang bangkong transnasyunal. Mas lumiit pa ang bahagi ng industriya sa kabuuang empleyo, lumobo ang impormal na sektor laluna sa serbisyo, at mas masahol pa ang problema sa disempreyo.

Nakahandusay ang ekonomya, pero ginamit ang popularidad ng bagong presidente para patuloy na itali ang bansa sa produksyon nakatuon sa eksport, pagbibigay-prayoridad sa paghuhulog sa utang sa labas, pagsalig sa dayuhang puhunan at pautang, at patuloy na liberalisasyon para sa dayuhang monopolyong kapital. Gayuman, sa programang Philippines 2000 ni Ramos todong ipinatupad ang patakaran de-nasyunalisasyon, deregulasyon, liberalisasyon at pribatisasyon na dikta ng IMF-WB-WTO alinsunod sa impreyalistang "globalisasyon".

Sa programang isinusugal ang buong kapalaran ng bansa sa dayuhang puhunan, dayuhang pautang at dayuhang pamilihan, tahanang isinasantabi kahit ang mga pabalat-bungang proteksyon sa kapakanan at karapatan ng mga manggagawa. Lubos na pinamamayani ang walang-habag at walang-kasiyahang kagustuhan ng pamilihing kontrolado ng monopolyong kapital para lahatang-panig na atakihin ang kapakanan at karapatan ng mga manggagawa, ikural sila at animo'y hayop na isingkaw sa trabaho kapalit ng karampot na sahod.

Mas masahol pa, ang pagsambulat at patuloy na paglala ng depresyon sa Asia ay mabilis na ibayong nagpapalala sa krisis sa ekonomya ng bansa. Ang dating di na matiis na pambubusabos

at kahirapan ay higit pang sumasahol dala ng pagkabangkrap ng mga negosyo, maramihang tanggalan sa trabaho, pagdagsa ng daan-daang libong migranteng manggagawang nawalan din ng empleyo, at sari-saring dagdag pang pabigat na ipinapataw ng mga impreyalistika para maipasa sa mga neokolonyang gaya ng Pilipinas at sa mga uring pinagsasamantalahan ang mga pasanin sa krisis.

Ayon sa reaksyunaryong gubyerno, may 2.6 milyon ang walang empleyo at 6.4 milyon ang walang sapat na empleyo sa kasalukuyan. Dagdag pa dito ang tinatayang mahigit 200,000 nawalan ng trabaho mula Hulyo 1997 hanggang unang kwarto ng 1998 sa Mindanao pa lamang. Kung tutuusin, hindi lang 10 milyon sa mahigit 30 milyong lakas paggawa ang wala o kulang ng hanapbuhay. Mas makatotohanang pagtaya ang mahigit 50% ng populasyong may kakayahang magtrabaho ang wala o hindi sapat ang hanapbuhay.



Napakababang Pasahod

Napakababa at lalo pang bumabagsak ang halaga ng tinatanggap na sahod ng mga manggagawang Pilipino.

Hindi nakabubuhay ang sahod ng mga manggagawang Pilipino. Noong Enero 1998, tinataya ng ahensya ng gubyerno mismo na aabot sa P410 ang gastos sa araw-araw para sa mga pangangailangan ng isang

karaniwang pamilyang may anim katao. Pero P198 lamang ang itinakdang minimum na sahod sa Metro Manila.

Upang lalo pang itulak pababa ang sahod, binaklas ng reaksyunaryong estado ang pambansang pamantayan ng minimum na sahod at ginawang lokalisado ang pagtatakda ng minimum na sahod sa pamamagitan ng mga Regional Wage Board. Sa gayon, hindi lamang pinaghahati-hati ang mga manggagawa; ang pagtatakda ng sahod ay mas mahigpit pang kinokontrol ng mga burukrata at kapitalista at higit pang arbitraryo at makaisang-panig laban sa mga manggagawa.

Mas masama pa, kahit napakababa ng takdang

sahod, hindi sumusunod ang kalakhan ng mga empresa. Ayon sa pag-aaral ng reaksyunaryong gubyerno noong Pebrero 1997, ang mga pamantayan sa paggawa na pinakamadalas labagin ng mga kapitalista ay ang minimum na sahod, kasunod ang iba pang pamantayan sa pasahod tulad ng *13th month pay* at pagbabayad ng kontribusyon sa SSS (Social Security System). Sa isang pagsisiyasat sa mga pabrika ng kasuotan, pipito (7) sa 16 na empresang nasarbey ang nagbabayad ng minimum. Pero ang pitong empresang nabanggit ay nagsasahod naman ayon sa kota. Binabawasan ng sahod ang mga manggagawang hindi makaabot sa kota.

Dahil lubhang malayo ang sahod sa araw-araw na gastos ng mga manggagawa, patuloy na bumabagsak ang kalidad ng kanilang pamumuhay. Pinalalala pa ito ng patuloy na pagtindi ng kasalatan sa mga pangunahing serbisyong panlipunan dulot ng kapabayaan ng gubyerno.

Dahil hindi sapat ang sahod, ang karaniwang kinakain ng mga manggagawa ay hindi nakakaabot sa minimum na pamantayan para sa pag-aalaga ng malusog na pangangatawan. Ayon sa Food and Nutrition Research Institute, hindi umaabot sa inirerekondang antas ang araw-araw na



konsumo ng karne, mais, harina at lamang-ugat ang karaniwang Pilipino. Kaya madali silang dapuan ng sakit. Pero wala naman silang mapagkukunan ng libre o murang paggamot.

Wala silang maayos na pabahay at mga pasilidad para sa malinis at ligtas na pamumuhay. Ayon sa **IBON FACTS AND FIGURES**, 70% ng populasyon sa kalunsuran ay maralitang nakatira sa *slum*. Lalong hindi nakasasapat ang kanilang kinikita para sa edukasyon ng kanilang mga anak lalo pa't tuluy-tuloy na tumataas ang matrikula.

Ang napakababang sahod ang nasa ubod ng napakasidhing pagsasamanta sa mga manggagawang Pilipino ng mga dayuhang monopolyong kapitalista at lokal na malaking burgesyang kumprador. Sa pamamagitan nito, nakakapiga sila ng napakalaking sobrang-halaga at nakapaglalabas ang mga monopolyong kapitalista ng dambuhalang superganansa.

Ang minimum na sahod sa Estados Unidos ay \$5.15 kada oras (katumbas ng P206 kada oras o P1,648 kada araw)—ibig sabihin, mahigit walong ulit ang laki sa P198 na ligal na minimum na sahod sa Metro Manila. Ang pasahod sa isang di-sanay na manggagawang Amerikano ay makakapagpasahod sa walong manggagawang Pilipino. At dahil sa debalwasyon ng piso mula P25 tungong P40 sa isang dolyar, ang puhunang dolyar ng mga dayuhang kapitalista ay makakabili ng di hamak na mas mahaba pang oras ng lokal na paggawa.

Nasasamanta ng mga monopolyong kapitalista ang murang lakas paggawa ng ikatlong daigdig sa pamamagitan ng paglilipat sa huli ng mga bahagi ng produksyon na mababa ang teknolohiya at nangangailangan ng mas malaking oras ng paggawa. Bukod pa, sa pagbabawas ng bag-as ng mga empleyado at manggagawa sa sariling bayan, nakakatipid sila nang malaki sa gastos sa paggawa at mas nakapagpapalaki ng tantos ng ganansa. Sa paglilipat ng mga prosesong industriyal na lubhang mapanganib sa kapaligiran at kalusugan, nakaiwas din sila sa mga problemang pampolitika at sa mataas na gastusin sa pagkontrol sa polusyon.

"Pleksibilisasyon"

Dahil malapyudal, dati nang lubhang "pleksible" ang mga kundisyon ng paggawa, maging sa sektor ng industriya. Pero sa paglalapat ng konseptong sunod sa uso sa Kanluran, lalong

walang patumanggang itinutulak ng malaking burgesya at mga burukrata ang pagpapaatras ng dati nang primitibong mga kalagayan sa paggawa sa mga pabrika sa bansa.

Sa kaibuturan, ang mga hakbang na ito sa "pleksibilisasyon" ay naglalayong pababain hangga't maaari ang sahod at gastos sa paggawa, pahabain ang oras ng paggawa at sagarin sa buto ang pagpiga ng sobrang-halaga mula sa mga manggagawa.

Sa isang pag-aaral ng ILO (International Labor Organization) noong 1992, natuklasang 73% ng mga empresa sa Pilipinas ang nagpapatupad na ng mga "pleksibleng" sistema ng paggawa. Laganap ang iba't ibang anyo nito gaya ng *labor-only contracting*, kaswalisasyon at kontraktwalisasyon, *subcontracting/out-jobbing, rotation* at iba't ibang paraan ng "pleksibleng" oras ng paggawa, at pwersahang obertaym.

Hangga't magagawa, pinaliliit nang pinaliliit ang bilang ng regular na manggagawa sa mga gulugod ng proseso ng produksyon at superbisyon. Tinatanggal ang kalakhan ng mga regular na manggagawa at pinapalitan ng mga manggagawang kontraktwal at kaswal o di kaya'y kinontrata sa mga pribadong ahensya sa labas, sa kaayusang hindi nalalayo sa mga sakada.

Ang mga kaswal o kontraktwal na manggagawa ay hindi binabayaran ng minimum na sahod, walang mga benepisyo tulad ng *13th month pay, sick leave, vacation leave*, at iba pa. At higit sa lahat, dahil hindi sila regular na manggagawa o di kaya'y hindi direktang nakaemployo sa kapitalista sa pabrika, hindi kinikilala ang kanilang karapatan sa pag-unyon at sa kolektibong pakikipagtawaran.

Tampok na halimbawa ang Shoemart (SM), ang pinakamalaking *chain* ng *supermarket* at *department store* sa bansa. Sa humigit-kumulang 20,000 employado nito, 1,731 lamang ang regular. Ang karamihang iba pa ay mga manggagawang nakakontrata sa mga *recruitment agency* at may kontratang hindi aabot ng anim na buwan. Bukod sa mas mababa ang sahod at hindi tumatanggap ng iba pang kabayarang itinatakda ng batas para sa mga manggagawang regular, kinakaltasan pa ng ahensya ang kanilang sahod.

Ang *labor only contracting* ay natuklasan sa isang sarbey na ipinatutupad sa 857 pabrika noong 1994. Dahil lubhang kapaki-pakinabang sa mga kapitalista at ineengganyo ng reaksyunaryong gubyerno, mabilis itong lumaganap. Noong 1995, may 1,070 pabrika na ang nagpapatupad nito at sa

***Anumang pakinabang
at karapatang
natatamasa ng mga
manggagawa
ay kailangang ipaglaban
nang pukpuhan
at pagkatapos pa'y
hindi tinatantanan
ng pag-uk-ok, pagsagasa,
pagpapaikot
at pagpapaatras
ng mga kapitalista.***

sumunod na taon, 1,255 pabrika.

Sa pamamagitan ng *labor-only contracting*, pinipiga nang husto ng mga kapitalista ang mga bentaha para sa kanila ng napakalaking hukbo ng walang hanapbuhay. Dinadala sa sukduan ang pag-aagawan ng milyun-milyong walang hanapbuhay para sa napakalimitadong oportunidad sa empleyo.

Isa pang laganap na palakad ang tuwirang pagkuha ng mga kontraktwal, kaswal, apprentis o temporaryong manggagawa. Karaniwan ito sa mga empresang nasa malakihang produksyon-kamay tulad ng industriya ng kasuotan, elektroniks at *handicrafts*.

Dati-rati'y libu-libo ang regular na manggagawa ng Manila Bay Hosiery sa Marikina City, ang pangunahing tagagawa ng medyas sa Pilipinas. Ngayo'y humigit-kumulang 250 na lamang ang regular nitong manggagawa. Nagtayo ang kumpanya ng "hiwalay" na empresa sa loob ng dati pa ring pabrika, na ang mga manggagawa ay may kontratang tiglilimang buwan lamang.

Ang mapambusabos na palakad na ito ay ginawang ligal ng mga batas na nagpahintulot ng hanggang anim na buwang *apprenticeship*. Subalit kahit ito ay karaniwang nilalabag. Maraming kaso ng mga nananatiling *apprentice* o temporary

nang ilang taon at gayo'y pwedeng sipain anumang oras.

Laganap din ang "pleksibleng" oras ng paggawa: pagpapatrabaho nang lampas sa walong oras sa isang araw, pagpapatrabaho kahit araw ng pahinga o *rotation*. Iba't ibang paraan ito para



paigtingin ang produksyon at pataasin ang nayayari ng mga manggagawa nang walang dagdag na kompensasyon ni dagdag sa pirming kapital.

Sa Wyeth Philippines na nasa Laguna, isang empresang gumagawa ng gamot, ipinatutupad ang palakad na "6-2". Dito, tuluy-tuloy na nagtatrabaho nang anim na araw ang manggagawa at pagkatapos, magbabakasyon nang dalawang araw. Sa pamamagitan nito, ang mga manggagawa ay napupwersang magtrabaho nang Sabado at Linggo nang walang bayad sa obertaym at magtrabaho nang sobra sa 40 oras sa isang linggo, bagay na labag sa kanilang CBA at mga pamantayan sa paggawa.

Karaniwan sa mga Export Processing Zones (EPZ) ang pagpapatrabaho nang 10 hanggang 12

oras kada araw. Sa isang empresang Taiwanese sa Kabite, ang mga manggagawa ay pwersahang pinagtatrabaho nang 14 oras mula Lunes at Sabado, at walong oras tuwing Linggo. Kung naghahabol ng kota, ang mga manggagawa ay pinagtatrabaho mula alas-7:00 ng umaga hanggang alas-9:00 ng gabi, o minsan pa'y hanggang hatinggabi o madaling araw.

Ang pagpapataw ng kota ay isa pang paraan ng pagpapaigting sa produksyon at pagpwersa sa mga manggagawa na mag-obertaym. Nagpapataw ng mga kota na imposibleng matupad sa loob ng walong oras ng karaniwang paggawa. Kaya't napiilitan ang mga manggagawa na pabilisin ang kanilang pagtatrabaho, na kadalasan ay nagreresta sa pisikal na pinsala sa mga manggagawa. Kung hindi naman, napupwersang magtrabaho nang lagpas sa walong oras ang manggagawa para lamang matupad ang kota at makuha ang buong arawang sahod na walang bayad ang obertaym.

Patakaran Anti-Unyon at Anti-Welga

Ang iba't ibang sistema ng "pleksibleng" paggawa ay hindi lamang pag-atake sa sahod ng mga manggagawa; pag-atake rin ang mga ito sa karapatang mag-unyon ng mga manggagawa. Ang mga ito ay naipatutupad lamang matapos supilin, pilain o tuluyang durugin ang unyon.

Kaalinsabay, sa pamamagitan ng kontraktwalisasyon at kaswalisasyon, pinag-kakaitan ng karapatang magbuo at sumapi sa unyon ang parami nang paraming manggagawa. Kinakasangkapan din ng mga kapitalista ang mga dilawang unyon upang linlangin at lansihin ang mga manggagawa sa pagtanggap ng kalakarang mapang-alipin.

Makikita ang mga ito sa nangyari sa Rubberworld Philippines. Dating may mahigit 5,000 manggagawa, ang kumpanya ay nagsimulang magbawas ng regular na manggagawa noong 1991. Isinara ang tatlong planta nito na nagresulta sa pagkakatanggal ng 2,300 manggagawa. Idinahilan ang pagkalugi. Pero ang totoo'y inilipat lamang ang operasyon sa mga *subcontractor* na gumagawa ng iba't ibang bahagi ng sapatos at tsinelas. Upang tuluyang maisara ang sentral na planta sa Novaliches, kinutsaba ng kapitalista ang dilawang unyon noong 1994. Hindi tinutulan ng huli ang pagsasara ng Rubberworld: Sa halip, humingi

lamang ito ng mga benepisyo at nanawagan sa boluntaryong pagreretiro ng mga manggagawa. Ang isa sa mga pinaglipatan ng operasyon ng Rubberworld ay ang Rubberland na may 400 manggagawa noong 1996 na pawang kontraktwal na isinuplay ng ahensyang EC Dynamics Manpower Development.

Kalakaran sa mga Export Processing Zones ang mahigpit na pagbabawal sa unyon at welga. Ang pagpapataw ng patakaran "no union-no strike" ay direktang pinangungunahan ng mga burukratang kapitalistang tulad ni Juanito Remulla sa Cavite Export Processing Zone noong dekada 1980, Jose "Peping" Cojuangco sa Luisita Industrial Park at Richard Gordon sa Subic Bay Freeport.

Sa Subic Bay Freeport, mahigit 3,374 manggagawa ang direktang nasa pangangasiwa ni Gordon at ng Subic Bay Metropolitan Authority (SBMA). Sa pamamagitan ng awtoridad ni Gordon sa SBMA, ng pulisya at militar, pinaiiral ang "katiwasayang industriyal" sa pamamagitan ng kamay na bakal. Agad tinatanggal sa trabaho ang sinumang magtangkang mag-organisa ng unyon o maglunsad ng welga. Hindi pwedeng tanggapin ang sinumang naging unyonista o welgista.

Sa Bataan Export Processing Zone (BEPZ), mahigpit na ipinatutupad ang patakaran "no union-no strike". Noong kasagsagan ng anti-pasistang pakikibaka sa ilalim ng diktadurang US-Marcos, mahigit 50 unyon ang nabuo dito. Ngayon, 18 unyon na lamang sa 62 pabrika ang nakatayo. Kalahati na lamang sa 25,000 manggagawa sa BEPZ ang regular. Karaniwan na ang pansamantalang pagsasara ng pabrika at pagbubukas sa ibang pangalan para palitan ng kontraktwal at kaswal ang mga manggawang regular. Para pigilan ang pag-uunyon, karaniwang ikinukulong ang mga manggagawa sa mahigpit na ginugwardyahang mga dormitoryo sa loob ng pabrika.

Ang reaksyunaryong gubyerno ay pasimuno at aktibong kasapakat sa paggamit ng mga *export processing zone* para sikilin ang mga unyon, supilin ang mga manggagawa at lubos na ipaubaya sa mga kapitalistang karamiha'y dayuhan ang pagpapasasa sa katutubong lakas paggawa.

Noong 1996 lamang ang Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR) ay nakapagtala ng 80 kaso ng paglabag sa mga karapatan na apektado ang 2,436 manggagawa. Isang manggagawa ang pinatay at isa pa ang tinangkang patayin. May tangkang pagmasaker sa 26 unyonista at iligal na

inaresto ang 253 manggagawa. May 25 kaso ng harassment sa piketlayn na bumiktim sa 1,338 manggagawa.

Paglaban ng mga Manggagawa

Ang manggagawang Pilipino ay may karanasan sa pag-iipon ng lakas, paglaban at pagsulong sa malupit na kalagayan ng lantad na teroristang paghahari ng pasistang diktadurang US-Marcos. Sa harap ng walang taros na pagdaluhong sa kanilang kapakanan at mga karapatan, muling pinalalakas ng mga manggagawa ang kanilang kolektibong organisasyon at paglaban.

Masigasig na lumalawak at lumalakas ang mga protesta at aksyon masa para sa pagtataas ng sahod, tulong sa milyun-milyong biktima ng



Rebolusyonaryong Kilusang Lihim sa Pabrika, Sumusulong

Sa harap ng masidhing krisis pang-ekonomya, masiglang sumusulong ang militanteng kilusan ng mga manggagawang Pilipino. Nag-aambag ito nang malaki sa paglawak at paglakas ng buong rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan.


Isa sa mahusay na karanasan sa pagbubuo ng rebolusyunaryong kilusan sa hanay ng mga manggagawa ang karanasan sa "Y", isang korporasyong agribisnes. Sa sariling pagkukusa, ang halos limandaang mga manggagawa ay nagbuo ng unyon noong dekada '80. Sumanib ang unyon sa militanteng kilusang manggagawa at aktibong lumahok ito sa mga kampanya at pakikibaka ng masang manggagawa, gayundin sa mga aksyong protesta ng malawak na ligal na kilusang demokratiko.

Mula huling bahagi ng 1997 nagtalaga ang Partido ng pangkat sa gawaing masa sa Y. Dahil ang mga manggagawa ay dati nang naaabit ng pambansa demokratikong propaganda, agad naitayo ang grupong pang-organisa sa isa sa mahigit limang pabrika ng Y.

Ilang linggo lamang matapos mabuuan ng lihim na grupo, ang nasabing pabrika ay isinara ng kumpanya. Pero dahil determinadong

magpatuloy sa rebolusyonaryong gawain, ang mga kagawad ng grupo ay nagpasyang magpalipat sa ibang pabrika ng Y sa halip na tanggapin ang kabayaran inialok ng kapitalista para sa opsyonal na pagreretiro.

Ang unang grupong ito ang nag-



disempleyo at laban sa kontraktwalisasyon at kaswalisasyon. Nangunguna rin ang mga manggagawa sa mga protesta laban sa paulit-ulit na pagtaas ng presyo ng mga produktong langis. Umani ng malawak na simpatiya at pagsuporta ang "Lakbayang Laban sa Kahirapan" noong Oktubre 20-24, 1997.

Muling bumubwelo ang kilusang welga ng mga manggagawa. Noong 1997, 40 welga ang naitala ng Kagawaran sa Paggawa at Empleyo (DOLE). Mula Enero hanggang Abril 1998, mahigit nang 40 welga ang naitatala. Mabilis na lumalaki ang bilang ng manggagawang kalahok sa welga at ang laki ng oras ng paggawang nawawala. Pumuputok ang mga welga sa pinakamalalaking kumpanya gaya ng Philippine Airlines na tinutumbok na ng kontraktwalisasyon at kaswalisasyon.

Sa higit pang pagtindi ng krisis sa pulitika, maramihang lumalahok din ang mga manggagawa sa mga pakikibakang pampolitika. Libu-libong manggagawa ang sumama sa dambuhalang martsa at rali noong Setyembre 21, 1997 laban sa pagamyenda sa konstitusyon para patagalin si Ramos sa Malakanyang.

Pagkakaisa at determinadong paglaban ang tanging tumpak na tugon sa walang patumanggang pagtindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa masang manggagawa. Ang ubos-kayang paglaban sa pambubusabos at pagyurak sa mga demokratikong karapatan ay isang saligang reksito sa pagbubuo ng militante at rebolusyonaryong lakas ng uring manggagawa at sa pagmamartsa nito sa unahan ng rebolusyonaryong pakikibaka ng lahat ng uring pinagsasamantalahan at inaapi. **-AB**

silbing punla na mabilis na lumago sa ibang mga pabrika ng Y. Matapos lamang ng ilang buwan, nakabuo sila ng grupo sa bawat pabrika kasabay ng sistematikong pagsisiyasat sa kalagayan at pamumuno sa mga pag-aaral tungkol sa kilusang unyon at rebolusyonaryong pakikibaka. Ang mga manggagawang naorganisa sa mga lihim na grupo ay nagpamalas ng higit pang militansa at nagpahayag ng pagsuporta sa rebolusyonaryong kilusan at armadong pakikibaka. Ibayong bumwelo ang rebolusyunaryong gawain, kabilang na ang integrasyon sa Bagong Hukbong Bayan. Anim na buwan mula nang sumapi sa unang grupong pang-organisa, apat na masang aktibista ang nirekrut bilang kandidatong kasapi ng Partido.

Binuo ang sangay ng Partido mula sa apat na bagong kandidatong kasapi at dalawa pang kasapi ng yunit sa gawaing masa ng Partido. Nagbalangkas ang sangay ng anim-na-buwang programa na naglayong mas itaas pa ang antas ng kamulatan at rebolusyonaryong praktika ng mga manggagawa at lahatang-panig na payabungin ang rebolusyonaryong karakter ng unyon.

Matatag na isinulong ng rebolusyonaryong kilusan ang kapakanan ng mga manggagawa. Sa pamumuno ng Partido, naglunsad noong huling bahagi ng 1997 ng welgang tumagal nang halos 10 araw upang igiit ang kahilingan ng mga manggagawa para sa mas mataas na sahod.

Naging mainit ang pagtangkilik ng masang manggagawa sa welga. Mahigit sa 98% ng mga



trabahador ang lumahok dito at halos lubos ang pagpapatigil sa operasyon ng kapitalista. Dahil sa milyun-milyong pisong pagkalugi bunga ng welga, naitulak ang kapitalistang tapusin ang Collective Bargaining Agreement (CBA) na pabor sa unyon. Naipagwagi ng mga manggagawa ang dagdag sa sahod na siyang pinakamalaking nakamit ng unyon sa kasaysayan ng pakikipagnegosasyon sa kapitalista.

Ibayong pinabilis ng matagumpay na welga ang rebolusyunaryong gawain sa pabrika. Sa loob lamang ng limang buwan, lumaki nang higit sa doble ang bilang ng mga aktibistang masa, at inabot nang ilampu ang kasapihan ng Partido. Nabuo ang tatlong sangay ng Partido.

Ayon sa pinakahuling ulat, mahigit 200 manggagawa ang nabigyan na ng pag-aaral hinggil sa sahod, presyo at tubo. Mahigit isandaan ang nakakuha ng mga saligang pag-aaral hinggil sa lipunan at rebolusyon Pilipino. Masigla at tuluy-tuloy ang pangangalap at pagpapadala ng iba't ibang tulong para sa armadong pakikibaka at kilusang magsasaka sa kanayunan, tulad ng damit, pagkain, gamot, mga bala at granada. May ilan na ring kasapi ng sangay na naghahandang sumanib sa Hukbo.

Patuloy ang pagtaas ng rebolusyonaryong diwa ng mga manggagawa sa Y. Dahil sa kanilang pagpupunyagi at pakikiisa sa Partido at rebolusyon Pilipino, tiyak na kakamtin pa nila ang mas matatagting na tagumpay. -AB



25 Taong Tagumpay sa Rebolusyonaryong Nagkakaisang Prente

Umaga ng Abril 24, 1998. Nagtipun-tipon ang ilandaang aktibista, mga kasama at kaibigan sa Abelardo Hall sa Pamantasan ng Pilipinas upang ipagdiwang ang ika-25 anibersaryo ng pagkakatataag ng Pambansang Demokratikong Prente (PDP). Sa iba't ibang bahagi ng bansa, nagdaos din ng katulad na selebrasyon ang rebolusyonaryong mamamayan kaagapay ng Partido at mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Naging okasyon ang mga pagtitipong ito para ipagbunyi ang mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan at sambayanan sa larangan ng pakikipagkaisang prente. Sa loob ng 25 taon, malaki na ang naging kontribusyon ng nagkakaisang prente sa rebolusyonaryong kilusan.

Higit na naging makasaysayan ang pagdiriwang na isinagawa lalo na't idinaos ito sa panahong umaani ng mga mataginting na tagumpay ang rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang larangan. Sumusulong ang armadong pakikibaka at matagumpay na nakapaglulunsad ng mga taktikal na opensiba ang Bagong Hukbong Bayan batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Papalaki at lalong sumisigla ang rebolusyonaryong kilusang masa ng mga manggagawa at magsasaka at ng iba pang progresibong sektor laban sa mga programa at patakaran ng rehimeng US-Ramos.

Sa simula pa lamang ng muling pagtatatag ng Partido Komunista, kinilala na nito ang mahalagang papel na gagampanan ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente. Pinangunahan nito ang pagbubuo ng malawak na pagkakaisa ng mamamayan para sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Ang 25 taong karanasan sa pagbubuo ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente ay nilagom ni kasamang Armando Liwanag, Tagapangulo ng Partido, sa kanyang mensahe sa okasyon ng anibersaryo ng PDP. Dito'y inilatag niya ang mga

rekisito upang higit pang sumulong at lumakas ang Pambansang Demokratikong Prente.

Mga Rekisito

Una, kailangan ang pamumuno ng Partido sa rebolusyonaryong nagkakaisang prente.

Ang partido ng uring proletaryado ay hindi pangkaraniwang organisasyon na maaaring ipailalim sa mas nakararaming mga organisasyon ng petiburgesya sa loob ng nagkakaisang prente.

Lipas na ang determinasyon at kakahayan ng anumang saray ng burgesya na pamumuan ang rebolusyong Pilipino. Totoong katangi-tangi ang ginampanang papel ng burgesya sa rebolusyon 1896 pero iyon ay lumang tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Paurong at reaksyunaryo ang maghangad na ibalik ang pamumunong ito.

Ikalawa, kailangan ang batayang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka. Mahihikayat lamang ang iba't ibang positibong uri



at pampolitikang pwersa na pumanig sa nagkakaisang prente at rebolusyonaryong kilusan kung malakas ang batayang alyansang ito.

Binubuo ang batayang alyansa sa pamamagitan ng pagbubuo ng Hukbong Bayan. Ang Hukbong Bayang pinamumunuan ng Partido ay itinutuon sa pagresolba sa mga suliraning pyudal. Sa pamamagitan ng rebolusyonaryong agraryo, na tumutugon sa saligang kahilingan ng uring magbubukid para sa lupa, ay napakikilos ang malawak na hanay ng mga magsasaka sa landas ng digmang bayan.

Ikatlo, kailangang kabigin ang petiburgesya bilang pandagdag na batayang pwersa sa rebolusyon. Sa loob ng PDP ay may kalamangan ang bilang ng mga organisasyong may katangian o di kaya'y tendensya ng petiburges. Ganito ang karakter ng mga organisasyong ito kahit pa sila'y pinamumunuan ng mga cadre ng PKP. Hinahayaan ang kalamangang ito bilang konsesyon sa petiburgesyang lunsod para higit pa silang mahikayat na pumaloob sa rebolusyonaryong nagkakaisang prente.

Kung makukuha ng rebolusyonaryong kilusan ang malawak na suporta ng petiburgesya, mawawasak ang isang haligi ng suporta ng naghaharing uri. Mabilis na mapapahina at maihihiwalay ang Reaksyon sa mamamayang Pilipino.

Sa katunayan, hindi magtagumpay ang rebolusyonaryong kilusan kung hindi nito makakabig ang pinakaabanteng saray ng petiburgesya. Nagagamit sila ng naghaharing uri sa pagmamantina ng kasalukuyang sistema. Balon sila ng sari-saring talento at kasanayan na kinakailangan sa pagsusulong ng rebolusyon. Sadyang napakahalaga ng petiburgesya kung kaya naman tuluy-tuloy na ginagatungan ng naghaharing uri ang makasariling tendensya nito at inilalayo sa rebolusyonaryong kilusan.

Ikaapat, kailangang makipagkaisa sa mga positibo at patriyotikong pwersa katulad ng panggitnang burgesya. Magagawa ito hangga't matatag ang alyansa ng mga batayang rebolusyonaryong pwersa ng mga manggagawa, magsasaka at petiburgesya.

Kinikilala ng Partido at ng PDP ang dalawahang mukha ng panggitna o pambansang burgesya — kinakabig sila sa nagkakaisang prente dahil sa

kanilang progresibong karakter habang mahigpit na binabantayan ang kanilang reaksyunaryong karakter. Makailang beses na silang tumangging maging bahagi ng PDP o maging sa mga ligal na demokratikong alyansa. Nakikipag-alyado lamang sila sa rebolusyonaryong kilusan sa mas di pormal na kaayusan.

Kung ang negosyo ng isa sa kanila ay napapaloob sa territoryo ng armadong kilusan o kaya'y may rebolusyonaryong union sa kanilang mga empresa, maaari silang hikayating tumalima sa mga patakarang rebolusyonaryong kilusan. Sa pakikitungo sa kanila hinggil sa mga lehitimong kahilingan ng mga manggagawa't magsasaka, pinag-iiba ng rebolusyonaryong kilusan ang panggitnang burgesya sa dayuhang kapitalista at malalaking panginoong maylupa.

Ikalima, kailangang samantalahan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga kontradiksyon sa hanay ng naghaharing uri. Ang pagkakahati-hating ito ay likas na nagpapahina sa kanila. Para higit pang pahinain ang mga ito, maaaring magkaroon ng iba't ibang tipo ng kooperasyon at koordinasyon sa mga pakson ng naghaharing uri laban sa komon na kaaway.

Mahaba na ang karanasan ng rebolusyonaryong kilusan sa pagsasamantala sa ganitong mga kontradiksyon. Pinag-iiba ng PKP, BHB at PDP ang mga naliwanagan sa di naliwanagang mga panginoong maylupa, ang naliwanagan sa di-naliwanagang negosyante, ang lokal sa pambansang burukrata, ang maliliit sa malalaking reaksyunaryo at ang reaksyunaryong wala sa estado-poder sa mga reaksyunaryong nakaluklok sa poder.

Sadyang hindi maaasahan bilang mga kaalyado ang iba't ibang pakson ng naghaharing uri dahil ang mga ito ay pansamantala lamang na pumapanig sa rebolusyon sa tuwing nagsisilbi ito sa kanilang interes. Gayunman, pansamantalang nakikipag-alyansa sa kanila ang PKP, PDP at BHB sa mga panahong ang gayong pagkakaisa ay makapagpahina sa naghaharing uri at makapagpapalakas sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa panahong umiigting ang bangayan sa hanay ng naghaharing uri, tulad ng eleksyon, ang ilan sa kanila ay nakikipag-alyansa sa mga rebolusyonaryong pwersa kontra sa kani-kanilang kalaban sa pulitika. Ito'y nagaganap maging sa mga panahong maigting ang kompetisyon sa pagitan ng mga pakson sa naghaharing uri para sa mga pang-

ekonomikong pribilehiyo at pampolitikang kapanayarihan. Kung mahusay itong magagamit ng rebolusyonaryong kilusan, maaaring higit pang mapahina ang buong reaksyunaryong uri. Tulad ng nangyari nang itinatag ang mga taktikal at pansamantalang alyansa sa mga paksyon ng naghaharing uri laban sa diktadurang Marcos, aami ng mga tagumpay ang rebolusyonaryong hanay at higit pang mapapalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng larangan.

Ikaanim, kailangang buuin ang mga taktikal na alyansa laban sa pinakareaksyunaryong pangkatin ng naghaharing uri na siya ring nakaluklok sa poder. Ito ang pangkat na pinakamasugid na tuta ng imperyalismong US.

Nakatuon ang lahat ng tipo ng pakikipalyansa sa loob ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa pagpapahina sa Reaksyon, sa paggapi sa kaaway, sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan at sa kalaunan sa pagpapabagsak sa buong naghaharing sistema.

Lumalahok sa usapang pangkapayapaan ang PKP, BHB at PDP. Kahit may limitasyon ang pakikipagnegosasyon at ang mga dokumentong iniluluwal nito, maaaring gipitin ang naghaharing uri na kilalanin ang mga batayang suliranin ng mamamayan. Sa pasikut-sikot ng negosasyon, ibayong nailalantad ang kahungkagan ng mga inisyatibang pangkapayapaan ng rehimen at ang anti-mamamayan at maka-dayuhang mga patakaran nito at lalong tumitingkad ang reaksyunaryong kulay ng naghaharing pangkatin.

Mga Kongklusyon

Ang pagbubuo ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente ay nakabatay sa lakas ng Partido, ng armadong kilusan at kilusang masa at ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika sa kanayunan. Pinagsisilbi ito sa pagsusulong at pagpapatatag ng rebolusyonaryong lakas ng mamamayan.

Sa loob ng nagkakaisang prente, gumagana ang mga prinsipyong pagsasarili (*independence*) at pagkakaroon ng inisyatiba ng bawat organisasyon. Malayang nakapagpapatupad ng mga patakaran ang mga myembro nito sa kani-kanilang saklaw. Pinagbibigyan ang mga lehitimong kahilingan ng bawat sektor, maging ng panggitnang burgesya at

***Habang papalubha
ang pagdarahop
ng mamamayang
anakpawis
at paparami
nang paparami
ang bumabagsak
ang kabuhayan,
paparami
nang paparami
ang mahihikayat
na sumanib sa
nagkakaisang prente.***

mga bahagi ng naghaharing uri, hangga't hindi ito lumalabag sa batayang prinsipyo ng nagkakaisang prente at ng Partido. Tinitiyak ng Partido na ang mga desisyon at patakaran ng nagkakaisang prente ay nakabubuti sa lahat at hindi kontra sa interes ng batayang masa.

Sa pag-iipon ng rebolusyonaryong lakas laban sa imperyalismo, ipinatutupad ng Partido ang prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo alinsabay sa pagpapatibay sa malawak na nagkakaisang prente laban sa imperyalismo. Ang pagbubuo at pagsusulong ng rebolusyonaryong Pilipino ay paggaman ng tungkulin sa pagbubuo at pagpapalakas ng anti-imperialistang pandigdigang nagkakaisang prente.

Napakainam ng sitwasyon sa Pilipinas at sa buong daigdig upang patatagin ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente. Habang papalubha ang pagdarahop ng mamamayang anakpawis at paparami nang paparami ang bumabagsak ang kabuhayan, paparami nang paparami ang mahihikayat na sumanib sa nagkakaisang prente. Mahalagang maging matatag ito sa pagtangan sa mga saligang prinsipyo upang di ito lumihis sa wastong landas ng demokratikong rebolusyonaryong bayan. - **AB**

***Paggalang sa
Karapatang-tao***

Integral sa Kondukt ng Digmang Bayan

Noong ika-10 ng Abril 1998, pinirmahan ng Pambansang Demokratikong Prente (PDP) sa pamamagitan ni Kasamang Mariano Orosa, Tagapangulo ng Pambansang Konseho nito, ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang Pantao at sa Internasyunal na Makataong Batas sa Pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas.

Alinsunod rito, naglabas ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ng deklarasyon para sa isang buwang tigil-putukan na magsisimula sa araw na pagtitibayin ng dalawang prinsipal ang kasunduan.

Ngunit hanggang ngayon ay patuloy na ibinibimbin ng prinsipal ng GRP na si Presidente Fidel Ramos ang pagpirma niya rito. Nagpahayag ang rehimen ng kagustuhan nitong magkaroon muna ng walang taning na tigil-putukan bilang kondisyon sa pagpirma ng representante nito. Urong-sulong, pabagu-bago at patumpik-tumpik ang rehimen sa desisyon ng pagtitibayin ang kasunduan.

Ang naturang kasunduan ang pinakakomprehensibong dokumentong ibinunga ng mahigit na apat na taon nang idinaraos na usapang pangkapayapaan. Una pa lamang ito sa mga kasunduang dapat na maging resulta ng negosasyong may tatlo pang nalalabing adyenda: repermang sosyo-ekonomiko; repermang pampolitika at konstitusyonal; at disposisyon ng mga pwersa. Tiyak na sa pagtalakay sa mga



susunod na adyenda ay lalong mag-uuron-sulong at magiging pabagu-bago ang pakikitungo ng rehimen, kung hindi man ito tuwirang tumiwalag sa usapang pangkapayapaan.

Mahalaga ang Kasunduan sa Karapatang Pantao at Internasyunal na Makataong Batas dahil makabuluhang tinutugunan nito ang pangangailangang mapangalagaan ang karapatan ng mamamayan sa gitna ng isinusulong na digma. Maaaring gamitin ito para sa kapakanan ng sambayanan at ng rebolusyonaryong kilusan. Maaaring maging dagdag na sandata at pansuporta ito lalo na sa pagtatanggol sa karapatan-tao ng mamamayan at sa paglalantad sa pasistang pangaabuso ng rehimen sa kondukt sa kondukt ng digmang bayan.

Palagiang binibigyan ng rebolusyonaryong kilusan ng pinakamataas na pagpapahalaga ang paggalang at paninindigan para sa mga karapatang-tao ng mamamayan. Integral ito sa kondukt ng digmang bayan. Patunay dito ang

pagpasok ng PDP sa komprehensibong Ka-sunduan sa Karapatang Pantao at Internasyunal na Makataong Batas nang walang reserbasyon, kundisyon o limitasyon. Dagdag dito, kusang nagsumite ng Deklarasyon ng Pananagutan sa Pagpapatupad ng Kumbensyon sa Geneva ng 1949 at Protokol 1 ng 1977 ang PDP sa *Swiss Federal Council at International Committee of the Red Cross*. Higit sa lahat, mahigpit na pinanghahawakan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang Tatlong Pangunahing Alintuntunin ng Diisiplina at Walong Punto ng Atensyon bilang gabay sa pang-araw-araw na pagkilos nila sa hanay ng mamamayan.

Patuloy na magpupursige ang PDP at ang rebolusyonaryong kilusan sa negosasyon alinsunod sa prinsipyong paggamit sa lahat ng paraan para mai-sulong ang pambansa at demokratikong adhikain ng mamamayan. Malinaw sa PDP, PKP at Bagong Hukbong Bayan (BHB) na ang pagpasok sa usapang pangkawayapaan ay alinsunod at hindi salungat sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Sa lahat ng pagkakataon, buo ang rebolusyonaryong integridad ng PDP, BHB at PKP at hindi ito kailanman sumusuko sa sistemang ligal ng rehimeng US-Ramos. Gayundin, kinikilala ng PDP, PKP at BHB na hangga't isinasagawa ito ng itinalagang panel, ang usapang pangkawayapaan ay isang porma ng pakikibakang ligal na napapasailalim sa armadong pakikibaka at kilusang masa.

Natatangi ang usapang pangkawayapaan sa

pagpapakilala sa PDP, PKP at BHB bilang kinatawan ng mamamayang Pilipino sa internasyunal na komunidad at kapantay sa rehimeng US-Ramos. Sa kabilang banda, kinikilala ng PDP ang peligro na gagamitin ng rehimeng US-Ramos na gagamitin ng kalituhan sa rebolusyonaryong hanay at ibulid ito sa kapitulasyon. Kung kaya't nagsasagawa ang PDP ng karampatang pagpapaliwanag at paghahanda sa hanay ng mga rebolusyonaryo at maging sa sambayanan hinggil sa katangian at papel ng usapang pangkawayapaan sa buong rebolusyonaryong proseso.

Malinaw sa rebolusyonaryong kilusan ang kontra-rebolusyonaryong katangian ng rehimeng US-Ramos. Malinaw din sa kilusan kung aling porma ng pakikibaka ang dapat pangunahin at sekundaryong isulong para makamit ang adhikaing pambansa-demokratiko ng mamamayan. Sa kasalukuyan, ma-aaring hamunin ang rehimeng US-Ramos na kilalanin ang mga batayang suliranin ng nagbubunsod ng armadong pakikibaka at sa proseso'y ilantad ang kahungkagan ng "inisyatibang pangkawayapaan" ng rehimeng US-Ramos. Napi-pilitang makitungo at makipag-usap

***...kusang nagsumite ang
NDF ng Deklarasyon ng
Panagutan sa
Pagpapatupad ng Kumbesyon
sa Geneva ng 1949 at
Protokol 1 ng 1977 ang PDP
sa Swiss Federal Council at
Intenational Committee of
the Red Cross. Higit sa lahat,
mahigpit na pinanghahawakan ng mga
rebolusyonaryong pwersa
ang Tatlong Pangunahing
Alintuntunin ng Diisiplina at
Walang Punto ng Atensyon
bilang gabay sa pang-araw-araw na pagkilos nila sa
hanay ng mamamayan.***

ang rehimeng US-Ramos na harap ng pagsulong at pagpapanibangong sigla ng rebolusyonaryong kilusan at ng nagbabadyang protesta at pakikibaka ng mamamayan. **-AB**


Pakikidigmang Gerilya, Patuloy na Umaabante sa TK

Dramatiko ang naging dalas at sinsin ng mga taktikal na opensiba sa Timog Katagalugan nitong 1997. Ayon sa mga ulat koresponsal, nakapaglunsad ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa rehiyon ng 11 laking platung opensiba at 47 maliliit na operasyon sa taong iyon. Umabot sa 45 ang napatay na tropa ng kaaway. Labindalawa ang sugatang sundalo at tatlo ang naging bihag ng digma. Dalawang mandirigmang hindi lubhang nasugatan ang tanging naging kaswalti ng Hukbo.

Bunga ng naturang mga opensiba, 52 matataas na kalibreng baril at 51 maiikling sandata ang nadagdag sa arsenal ng BHB, bukod pa sa mga masinggan at mortar na nakumpiska. Halos 40% ang inilaki ng bilang ng mga Pulang mandirigma mula 1996.

Ang ganitong mga pagsulong ay nakabatay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Ayon pa rin sa mga ulat, halos 40% ang inilaki ng baseng masa na nakalatag ngayon sa siyam na lalawigan ng Timog Katagalugan. Saklaw nito ang ilandaang bayan at ilang libong baryo. Lumaki rin nang 35% ang kasapihan ng Partido sa rehiyon.

Armadong Pakikibaka Sumusulong sa Hilagang Mindanao



Animnapu't tatlong matatagumpay na taktikal na opensiba ang inilunsad sa Hilagang Mindanao noong 1997. Ayon sa **Kalihukan**, ang pahayagang masa sa rehiyon, kabilang dito ang 37 ambus at reyd at 26 na operasyong isparo at aksyong pagpaparusa sa mga kaaway ng mamamayan. Apatnapu't dalawang iba't ibang kalibreng armas ang

nakumpiska bunga ng naturang mga opensiba.

Nitong Marso 17, 1998, nireyd din ng mga Pulang mandirigma ang Special Civilian Active Auxiliary sa Provident Tree Farm Inc. (PTFI) sa Talacogon, Agusan del Sur. Pinarusahan din noong Marso 12, 1998 si Ruel Tapayan, isang pusakal na kriminal na maraming kasalanan sa mamamayan ng Agusan del Sur. Lubos na ikinagalak ng masa sa lokalidad ang naturang mga aksyon dahil sa malaon

nang pang-aabuso sa kanila ng mga target.

Ayon pa rin sa **Kalihukan**, ibayong lumawak ang kinikilusang erya at maraming mga dating naiwang lugar ang nabawi bunga ng aktibong paglahok ng BHB sa gawaing masa. Ilandaang mga baryo at komunidad ang epektibo na muling nakikilusan at ilandaang libo ang nadagdag sa bilang ng baseng masa.

Mga Taktikal na Opensiba Inilunsad sa Silangang Kabisayaan

Apat na tropa ng kaaway ang napatay at isang despotikong panginoong maylupa ang pinarusahan sa serye ng mga taktikal na opensibang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Silangang Kabisayaan sa unang hati ng Mayo. Bunga nito, 10 armas na iba't ibang kalibre ang na-samsam ng BHB.

Ayon sa mga ulat koresponsal, tatlong sundalo ang napatay nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Layo, Pinabacdao, Western Samar. Nakumpiska sa ambus ang isang M203 at isang M14.

Isa ring reyd ang inilunsad sa detatsment ng kaaway sa Barangay Giparayan, Pambujan, Northern Samar. Nakontrol ang kampo at nakumpiska ang BHB ng anim na riple at mga bala. Ayon sa mga ulat, nilansi ng BHB ang kaaway kaya't ang naturang reyd ay naisagawa nang walang putok.

Samantala, pinarusahan ng kamatayan ang panginoong maylupa na si Carlos Larrazabal ng Ormoc City, Leyte. Isa pang ginawaran ng rebolusyonaryong hustisya ay si Capt. Solima ng 801 Bde, ang pusakal na berdugo ng Northern Samar. Kapwa sila nakumpiskahan ng .45 pistola.

Munisipyo Nireyd ng BHB sa Bohol

Nireyd ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang istasyon ng Philippine National Police (PNP) sa munisipyo ng Jatuan, Bohol noong umaga ng Hunyo 27.

Naisagawa ang matagumpay na reyd nang walang putok. Ayon sa mga ulat, hindi na lumaban ang mga pulis dahil sinorpresa sila ng mga Pulang mandirigma. Kinumpiska ng BHB ang lahat ng armas sa arsenal ng PNP.

